# UNANG MARKAHAN
# PINAGMULAN NG LAHING PILIPINO

## Pangunahing Pang-unawa:

Naipamamalas ang mapanuring pag-unawa at kaalaman sa kasanayang pangheograpiya at sa mga teorya sa pinagmulan ng lahing Pilipino upang mapahalagahan ang konteksto ng lipunan o pamayanan ng mga sinaunang Pilipino at ang kanilang ambag sa pagbuo ng kasaysayan ng Pilipinas.

## Pangunahing Katanungan:

Paano mailalarawan ang lokasyon ng Pilipinas sa mapa? Bakit mahalagang maunawaan ang eksaktong lokasyon ng bansa gamit ang mapa at direksiyon? Paano nakaaapekto ang lokasyon ng bansa sa klima at panahon na nararanasan sa Pilipinas? Bakit mahalagang maunawaan ang pinagmulan at sinaunang kabihasnan ng Pilipinas at kung paano ito nakaapekto sa lahing Pilipino? Bakit mahalagang maipagmalaki ang pagiging isang Pilipino ayon sa kultura at tradisyong nakagisnan?

## Aralin 1 – Heograpiya at Lokasyon ng Pilipinas

### I. Mga Layunin

1. Naipaliliwanag ang mga mahahalagang kaalaman at konsepto ukol sa heograpiya at lokasyon ng Pilipinas;
2. Nakabubuo ng tula na naglalarawan sa magagandang katangian at epekto ng mga ito gayundin ng lokasyon ng Pilipinas sa mga mamamayan at sa bansa sa kabuuan; at

3. Napahahalagahan ang magagandang katangian bilang daan sa pagtamo ng kaunlaran ng bansa.

## II. Nilalaman

### A. Paglalahat

Ang Pilipinas ay isang kapuluan na may kabuuang sukat na humigit-kumulang 300,000 kilometro-kuwadrado. Ang lokasyon nito sa daigdig ay nagbigay ng maraming adbentahe sa bansa at nagtakda ng mga pangunahing katangian nito na kaiba sa ibang bansa sa rehiyon at sa daigdig sa kabuuan.

### B. Paksang-aralin

Heograpiya at Lokasyon ng Pilipinas

### C. Sanggunian

SIGLO 5 (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan), pp. 2–29

## III. Mga Gawain

### A. Unang Araw

#### 1. Pagganyak

Ipasagot sa mga mag-aaral ang gawain sa “Maglaro Tayo!” sa pp. 2–3. Pagkatapos ay isagawa ang pagwawasto at pagbabahagi ng kanilang kasagutan.

2. **Talasalitaan**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang "Mag-isip Tayo!" sa p. 3. Pagkatapos ay tumawag ng ilang mga mag-aaral at ipabahagi ang kanilang mga kasagutan.

3. **Panlinang na Gawain**

a. Magsagawa ng isang *move quiz*. Maghanda ng sampung *cue cards* na may blangkong mapa ng Pilipinas. Gumamit ng iba't ibang *clue* upang makuha ng mga mag-aaral ang tamang sagot. Maaaring gamitin ang sumusunod na *clues*.

i. Ito ang *summer capital* ng Pilipinas
ii. Dito makikita ang tanyag na *Magellan's Cross*
iii. Dito matatagpuan ang ilan sa mga lumang bahay ng mga Espanyol
iv. Kilala ang lugar na ito dahil sa kanilang kapeng barako
v. Matatagpuan dito ang Bulkang Mayon
vi. Dito makikita ang simbahan ng Barasoain
vii. Dito makikita ang Bulkang Pinatubo
viii. Dito makikita ang orihinal na bahay ni Rizal

ix. Tinawag itong *city of smiles*
x. Ito ang kapital ng Pilipinas

b. Pagkatapos ng *move quiz* ay iwasto ang ipinagawang pagsasanay.
c. Iproseso ang mga sagot ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapabahagi ng kanilang kaalaman ukol sa mga lugar na nabanggit.

4. **Pangwakas na Gawain**

Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang halaga ng mga *landmark* na nabanggit sa lugar na ipinahahanap ng guro sa blangkong mapa. Pagkatapos ay magpagawa sa mga mag-aaral ng isang sanaysay ukol sa mahalagang katangian na maaaring mailarawan nila kapag binanggit ang salitang Pilipinas. Bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral upang mag-isip at buuin ang kanilang sanaysay. Tumawag ng ilang mga mag-aaral upang magbahagi ng kanilang mga isinulat.

B. **Ikalawang Araw**

1. **Pagganyak**

a. Magpakita ng isang *video* ukol sa lalawigan ng Batanes. Ipakita sa mga mag-aaral ang ilang mahahalagang lugar puntahan dito. Magbigay ng ilang gabay na tanong sa mga mag-aaral bago ipakita ang *video*.

i. Tungkol saan ang *video* na ipinakita?
ii. Magtala ng ilang mahahalagang katangian ng lalawigan na babanggitin sa *video*.
iii. Pansinin ang ilan sa mahahalagang impormasyon sa mapapanood na *video* at ipatala ito sa maliit na papel.

b. Ipasulat sa mga mag-aaral sa isang maliit na papel ang kanilang mga obserbasyon sa *video* na kanilang napanood. Ipadikit sa mga mag-aaral ang kanilang mga sagot at pagkatapos ay isagawa ang *Gallery Walk*. Iproseso ang mahahalagang kasagutang naitala ng mga mag-aaral.

2. **Talasalitaan**

a. Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Alam mo ba?" sa pp. 4–5. Sa bahaging ito ay inaasahang makikilala ng mga mag-aaral ang ilang mga salita na matatalakay sa buong aralin. Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang sagutan ang *crossword puzzle*.
b. Pagkatapos ay tanungin ang mga mag-aaral ukol sa mga salitang naitala sa *puzzl*e. Palalimin ang pagbibigay kahulugan sa mga ito.

3. **Panlinang na Gawain**

a. Talakayin sa mga mag-aaral ang iba't ibang katangiang pang-heograpikal ng bansang Pilipinas. Isa-isahin ang mga ito. Magpakita ng larawan upang maunawaan ng mga mag-aaral kung bakit maituturing na mahalagang heograpikong katangian ng Pilipinas ang mga nabanggit.

b. Hatiin ang klase sa walong pangkat. Magpagawa ng *Venn Diagram* sa bawat pangkat upang itala ang magandang katangian ng dalawang nakatakda sa kanila. Pagkatapos ay tukuyin kung saan nagkakatulad ang mga ito bukod sa pagiging isang mahalagang katangiang heograpikal ng Pilipinas. Ang pagkakahati ng mga pangkat ay ang sumusunod:

   i. Batanes/Babuyan at Kanlurang Luzon
   ii. Lambak ng Cagayan at Bulubundukin ng Cordillera at Caballero
   iii. Sierra Madre at Kapatagan ng Gitnang Luzon
   iv. Laguna de Bay at Bicol Peninsula
   v. Bulubundukin ng Mindoro at Eastern Pacific Cordillera
   vi. Katubigan ng Davao at Agusan at Central Cordillera

vii. Talampas ng Bukidnon at Lanao at Zamboanga Peninsula
viii. Isla ng Siargao at Dinagat at Kapuluan ng Sulu

4. **Pangwakas na Gawain**

a. Magsagawa sa mga mag-aaral ng istratehiyang *Exit Pass*. Bigyan ang mga mag-aaral ng isang papel at magpasulat ng isang *tagline* ukol sa mga natatangiang katangiang heograpikal na ito ng Pilipinas. Hayaan ang mga mag-aaral na pumili sa labing anim na natalakay.
b. Tumawag ng ilang mga mag-aaral upang magbahagi ang kanilang naisulat sa kanilang *Exit Pass*. Iproseso ang ilang mahahalagang mga sagot na naibigay ng mga mag-aaral.

C. **Ikatlong Araw**

1. **Pagganyak**

Ipagawa ang larong *Tic-Tac-Toe*. Hatiin ang klase sa limang pangkat at pagkatapos ay magbigay ng ilang katanungan ukol sa lokasyon ng bansang Pilipinas at ng mga lalawigan nito. Ang unang pangkat na makabubuo ng *Tic-Tac-Toe* ang siyang makakukuha ng *reward* mula sa guro.

2. **Talasalitaan**

   a. Sa pamamagitan ng *PowerPoint presentation* ay magpakita ng mahahalagang mga salita. Tanungin ang mga mag-aaral ukol sa kahulugan ng mga ito at palalimin at iproseso ang magiging sagot ng mga mag-aaral. Maaaring gamitin ang sumusunod na salita.

      i. absolutong lokasyon
      ii. relatibong lokasyon
      iii. teritoryo
      iv. *prime meridian*
      v. sonang paralelo

   b. Magpanood sa mga mag-aaral ng *video* na nagbubuod sa relatibo at absolutong lokasyon ng Pilipinas. Magbigay ng ilang gabay na tanong at iproseso ang kasagutan ng mga mag-aaral ukol sa mga katanungang ito.

3. **Panlinang na Gawain**

   a. Hatiin ang klase sa limang pangkat. Sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng malikhaing presentasyon ay kailangang maipaliwanag ng bawat pangkat ang mahahalagang impormasyon at konsepto ukol sa mga sonang heograpikal at lokasyon ng

bansang Pilipinas sa daigdig. Maaaring gayahin ang sumusunod na *format*.

i. Pagbabalita (24 Oras)
ii. Biyahe ni Drew
iii. Likhang Awit
iv. Knock-Knock o Pinoy Henyo
v. *Magazine Show*

b. Bigyan ng ilang minuto ang bawat pangkat upang makapaghanda. Pagkatapos ay isa-isa na magbibigay at magpapakita ng kanilang presentasyon ang mga mag-aaral. Bigyang lalim ang ilan sa mahahalagang impormasyon na maaaring hindi natalakay dahil sa maiksing oras.

4. **Pangwakas na Gawain**

Magpagawa ng isang *top ten list* ukol sa pinakamahalagang katangiang heograpikal ng Pilipinas. Pagkatapos ay iproseso ang magiging mga sagot ng mga mag-aaral.

5. **Pagtataya**

a. Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga pagsasanay sa "Pagtataya" sa pp. 26–28.
b. Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang sagutan ang mga

pagsasanay at pagkatapos ay sabay-sabay na isagawa ang pagwawasto.

c. Ilagay ang puntos na nakuha ng mga mag-aaral sa likurang bahagi ng *notebook*. Siguraduhing may listahan ng mga gawain at karagdagang puntos na makukuha ng mga mag-aaral sa bawat pagsasanay.

6. **Takdang-aralin**

    1. Ipagawa ang “Gumawa Tayo!” sa p. 29. Siguraduhing iproseso ang likhang ito ng mga mag-aaral sa susunod na talakayan.
    2. Ipabasa ang susunod na aralin.

**Mga Sagot sa Pagsasanay**

**Maglaro Tayo!** (p. 3)

1. Brunei
2. Cambodia
3. Malaysia
4. Taiwan

**Alam mo ba?** (pp. 4–5)



## Pagtataya

A. (pp. 26–27)

1. Y’ami
2. Sierra Madre
3. Gitnang Luzon
4. Laguna de Bay
5. Mt. Halcon o Calavite Point
6. Central Cordillera
7. Batas Republika Blg. 9522
8. Marinduque
9. Greenwich Meridian
10. The Philippine Standard Time (PST)

B. (p. 27)

1. Ilocos Norte
2. Bataan
3. Bicol
4. Mindoro
5. Batanes
6. Tawi-Tawi
7. Palawan
8. Bicol
9. Mindoro
10. Surigao

C. (p. 28)

1. 09°30’N, 118°30’E
2. 16°26’N, 120°34’E
3. 14°.40’N, 121°03’E
4. 15°46’N, 121°34’E
5. 10°35’N, 123°37’E
6. 13°35’N, 121°10’E
7. 07°00’N, 125°40’E
8. 08°30’N, 124°40’E
9. 10°18’N, 123°54’E
10. 18°56’N, 121°55’E

## Aralin 2 – Klima at Panahon sa Pilipinas

I. **Mga Layunin**

1. Naipaliliwanag ang kaugnayan ng klima at panahon ng Pilipinas sa kabuhayan at kalinangan ng mga tao;
2. Nakagagawa ng presentasyon ukol sa epekto ng klima at panahon sa mga mamamayan ng bansa ayon sa rehiyong kinabibilangan nito; at
3. Napahahalagahan ang kalikasan bilang mahalagang elemento sa pag-unlad sa kabila ng anumang uri ng panahon o klima na mayroon sa bansa.

II. **Nilalaman**

A. **Paglalahat**

Ang lokasyon ng Pilipinas ang dahilan ng uri ng klima, temperatura, at panahong nararanasan sa bansa. Bilang isang bansang tropikal, maraming nagagamit ang mga mamamayan na pinagkukunang-yaman na resulta ng magandang lupain at pabago-bagong panahon sa bansa.

B. **Paksang-aralin**

Klima at Panahon sa Pilipinas

C. **Sanggunian**

SIGLO 5 (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan), pp. 30–48

## III. Mga Gawain

### A. Unang Araw

#### 1. Pagganyak

Bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral upang ibahagi ang kanilang takdang-aralin. Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga gawain sa “Maglaro Tayo!” sa p. 30 at “Mag-isip Tayo!” sa p. 31. Pagkatapos ay isagawa ang pagwawasto at pagbabahagi ng kasagutan.

#### 2. Talasalitaan

a. Ipasagot sa mga mag-aaral ang “Alam mo ba?” sa p. 32. Sa bahaging ito ay inaasahang makikilala ng mga mag-aaral ang ilang mga salita na matatalakay sa buong aralin.
b. Bigyan ng paunang pagpapaliwanag ang mga salitang ito na magpapalalim pa sa pagtalakay ng aralin. Gumamit ng mga halimbawa o sitwasyon, kung kinakailangan, upang lalong maunawaan ng mga mag-aaral.

#### 3. Panlinang na Gawain

a. Magpakita ng isang *video* ukol sa iba’t ibang klima na nararanasan ng ibang bansa partikular sa madalas

na bakasyunan ng karamihan sa kasalukuyan tulad ng Japan at Korea na bahagi ng Asya.

b. Ipatala sa mga mag-aaral ang mga mahahalagang obserbasyon ukol sa klima at panahon at kalagayan ng mga mamamayan sa iba't ibang lugar. Tumawag ng ilang mga mag-aaral upang ibahagi ang kanilang mga sagot.

c. Pagkatapos ay hatiin ang klase sa limang pangkat. Magpagawa ng presentasyon sa bawat pangkat kung saan maipakikita nila ang klima na mayroon sa bansa at ang epekto nito sa mga mamamayan. Ang mga presentasyon na gagawin ay maaaring ihango sa sumusunod na format.

    i. Pagbabalita (24 Oras)
    ii. *Magazine Show* o Kapuso mo, Jessica Soho
    iii. *Travel Show* o Biyahe ni Drew
    iv. Top 10 List
    v. *Music Video*

4. **Pangwakas na Gawain**

Pagawain ang mga mag-aaral ng maikling sanaysay ukol sa kanilang pananaw sa magandang epekto ng klima at panahon ng Pilipinas sa mamamayan at sa bansa sa kabuuan. Tumawag ng ilang mga mag-aaral upang ibahagi ang kanilang mga sagot.

B. **Ikalawang Araw**

1. **Pagganyak**

a. Isagawa ang larong dugtungan. Maghanda ng mga katanungan na sasagutin ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagdurugtong ng sagot mula sa bawat naunang mag-aaral na magbabahagi ng kasagutan. Ang pinakahuling mag-aaral sa bawat row ang maaatasang magbuod ng mga kasagutang napagdugtong-dugtong. Maaaring gamitin ang sumusunod na halimbawa.

Unang Row: Ano ang iyong masasabi ukol sa klima ng Pilipinas?

Ikalawang Row: Bakit mayroong malaking pagbabago ngayon sa klima at panahon sa bansa?
Ikatlong Row: Ano ang epekto ng klima ng bansa sa kabuhayan ng mga tao?
Ikaapat na Row: Ano ang naging partisipasyon ng mga mamamayan sa uri ng panahon na nararanasan ng bansa?

b. Pagkatapos ay iproseso ang mahahalagang sagot ng mga mag-aaral sa bawat katanungan.

2. **Talasalitaan**

Ipabasa sa mga mag-aaral ang bahaging "Natuklasan mo na ba?" sa pp. 33–34. Pagkatapos ay isagawa ang gawaing *GIVE ME 5* kung saan ay inaasahan ang mga mag-aaral na magtala ng limang mahahalagang konsepto na natutuhan mula sa nabasa. Tumawag ng ilang mga mag-aaral na magbabahagi ang kanilang sagot. Iproseso ang mga ibinahagi ng mga mag-aaral.

3. **Panlinang na Gawain**

Magsagawa ng isang palitang talakayan kung saan ibabahagi ng mga mag-aaral ang kanilang mga opinyon kung paano inilalaban ng bansa ang ilang teritoryo ng Pilipinas tulad ng Spratlys at Sabah. Ang una at ikalawang row ay magde-debate ukol sa Spratlys. Ang unang row ay para sa Pilipinas at ang ikalawang row ay sa Tsina. Ang ikatlo at ikaapat na row ay tatalakayin ang tungkol sa Sabah.

4. **Pangwakas na Gawain**

Magpagawa sa mag-aaral ng poster at islogan at ipalagay ito sa *oslo paper*. Kailangang ito ay nagpapakilala sa Spratlys bilang bahagi ng bansa. Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang

makapaghanda at pagkatapos ay tumawag ng ilang mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang likha.

C. **Ikatlong Araw**

1. **Pagganyak**

a. Magsagawa ng isang laro kung saan magpapakita ng larawan ang guro at huhulaan ng mga mag-aaral kung saan ito matatagpuan. Gamitin ang sumusunod na lugar sa nasabing laro.

i. Baguio
ii. Tagaytay
iii. Davao
iv. Tuguegarao
v. Manila

b. Tanungin ang mga mag-aaral kung anong temperatura ang nararanasan sa mga lugar na nabanggit. Iproseso ang mga sagot ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtatanong kung ano-anong salik ang nagiging dahilan ng pagkakaroon ng ganoong temperatura sa lugar na iyon.

2. **Talasalitaan**

Talakayin ang mga salitang *monsoon*, *storm surge*, amihan, at habagat. Ilagay

ang mga salitang ito sa pisara. Isagawa ang *Gallery Walk* kung saan ang mga mag-aaral ay maglalagay ng kanilang mga nalalamang impormasyon ukol sa mga salitang nabanggit. Pagkatapos ay bilugan ang mahahalagang sagot na naibahagi ng mga mag-aaral upang maibigay ang pangunahing kahulugan ng mga salita.

3. **Panlinang na Gawain**

   a. Magpakita sa mga mag-aaral ng *video* kung saan matatalakay ang iba't ibang uri ng panahon at temperatura na nararanasan sa Pilipinas.
   b. Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa mga uri ng panahon at temperatura sa Pilipinas.
   c. Talakayin din ang pagkakaiba sa temperatura at klima ng mga bansa na nasa *Frigid*, *Temperate Zones*, at *Tropic Zones*.

4. **Pangwakas ng Gawain**

   a. Magpakita sa mga mag-aaral ng isang *video* ukol sa matinding bagyo na naranasan sa Pilipinas tulad ng nangyari noong Ondoy at Yolanda. Pagkatapos ay talakayin sa mga mag-aaral ang mga nararanasan sa sumusunod na panahon.

i. *Tropical Depression*
ii. *Tropical Storm*
iii. *Severe Tropical Storm*
iv. *Typhoon*
v. *Supertyphoon*

b. Isagawa ang *Exit Pas*s. Sa isang ¼ na papel, ipatala sa mga mag-aaral ang kanilang mga karanasan tuwing may malakas na bagyo na sumasalanta sa bansa. Magsisilbing *Exit Pass* sa pagsasanay na ito ang mga sagot na ibibigay ng mga mag-aaral. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga sagot.

5. **Pagtataya**

Ipasagot ang mga pagsasanay sa "Pagtataya" sa pp. 44–47. Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang sagutan ang gawain. Pagkatapos ay iproseso ang mga tumpak na kasagutan.

6. **Takdang-aralin**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang gawain sa "Gumawa Tayo" sa p. 48. Iproseso ang mga sagot sa susunod na pagtalakay.

## Mga Sagot sa Pagsasanay

**Alam mo ba?** (p. 32)

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 E | 2 K | W | A | D | O | R | | | |
| | L | | | | | | | | |
| 3 D | I | S | Y | E | M | B | R | E | |
| | M | | | | | | | | |
| 4 P | A | N | 5 A | H | O | N | | | |
| | | | M | | | | | | |
| | | | I | | | | | 6 M | |
| | | | 7 H | A | B | 8 A | G | A | T |
| | | | A | | | L | | R | |
| | 9 C | A | N | A | D | A | | S | |
| | | | | | | S | | O | |
| | | | | | | K | | | |
| 10 S | I | B | E | R | I | A | | | |

**Pagtataya**

A. (pp. 44–45)

1. 500 milya
2. Jamaica
3. Western Pacific Arc System
4. Mayo
5. Siberia o Karagatang Pasipiko
6. Agosto
7. PAGASA
8. Yolanda
9. rotasyon
10. Frigid

B. (pp. 45–46)

1. Hawaii
2. African Plate
3. Marso
4. average
5. Canada
6. trade wind
7. Rosing
8. Hunyo
9. Pilipinas
10. La Union

## Aralin 3 – Pinagmulan ng Pilipinas at ng Lahing Pilipino

I. **Mga Layunin**

1. Naipaliliwanag ang iba't ibang teorya ukol sa pinagmulan ng Pilipinas;
2. Nakagagawa ng presentasyon na nagpapaliwanag sa iba't ibang teorya ukol sa pinagmulan ng bansang Pilipinas; at
3. Napahahalagahan ang pagiging Pilipino gamit ang mga katangiang taglay natin mula sa sinauna nating mga ninuno.

II. **Nilalaman**

A. **Paglalahat**

Ang kuwento ng pinagmulan ng Pilipinas ay halaw sa teorya na nagsasabing ang Pilipinas ay umusbong mula sa pagsabog ng bulkan o kaya naman ay sa paggalaw ng mga *plate* sa proseso ng dayastropismo at katastropismo. Ang mga sinaunang ninunong Pilipino naman ay nagmula diumano sa mga kalapit na lugar ng bansa na tumawid mula sa mga tulay na lupa o dahil na rin sa pagkabuo ng iba't ibang mga paraan na transportasyon at sa simpleng paglalakbay ng mga sinaunang tao.

B. **Paksang-aralin**

Pinagmulan ng Pilipinas at ng Lahing Pilipino

C. **Sanggunian**

SIGLO 5 (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan), pp. 49–62

III. **Mga Gawain**

A. **Unang araw**

1. **Pagganyak**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Maglaro Tayo!" sa p. 49. Bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral upang sagutan ang pagsasanay. Pagkatapos ay isagawa ang pagwawasto.

2. **Talasalitaan**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Alam mo ba?" sa pp. 50–51. Pagkatapos isagawa ang pagwawasto ay talakayin ang mga sagot sa pamamagitan ng paghingi ng opinyon ng mga mag-aaral kung paano nila naunawaan ang mga salitang ito.

3. **Panlinang na Gawain**

Pasagutan sa mga mag-aaral ang gawain sa "Mag-isip Tayo!" sa p. 50. Bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral upang sagutin ang mga tanong. Iproseso ang sagot ng mga mag-aaral at magbigay ng sariling pananaw ukol sa paksa.

4. **Pangwakas na Gawain**

Magpagawa sa mga mag-aaral ng isang akrostik gamit ang mga letra sa salitang PILIPINO AKO. Ipatala sa mga mag-aaral ang katangian ng mga mamamayang Pilipino. Isagawa ang *Think, Pair, Share* kung saan ibabahagi ng mag-aaral ang kanyang sagot sa kanyang kapareha. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga sagot sa pagsasanay.

B. **Ikalawang Araw**

1. **Pagganyak**

Magpanood sa mga mag-aaral ng isang *video* ukol sa teoryang panrelihiyon (mula sa Genesis sa Bibliya) na tumatalakay kung paano nagsimula ang daigdig gayundin ang pagkalikha sa mga tao. Pagkatapos ng palabas ay isagawa ang *POPCORN Discussion*, kung saan ay magbibigay ng saloobin ang mga mag-aaral ukol sa napanood nilang *video*. Mula sa mga sagot ng mga mag-aaral ay kumuha ng mahalagang konsepto na itatala sa pisara. Iproseso ang mahahalagang maiaambag na konsepto ng mga mag-aaral. Gawin itong *spring board* na bukod sa teoryang panrelihiyon ay mayroon ding mga teoryang pansiyentipiko na nagbibigay paliwanag sa pinagmulan ng bansang Pilipinas at ng daigdig sa kabuuan.

2. **Talasalitaan**

Maghanda ng isang *wordhunt puzzle*. Dito ay itala ang iba't ibang teorya na matatalakay sa aralin. Ipahanap sa mga mag-aaral ang mga teoryang ito. Magbigay ng limang minuto upang mahanap ng mga mag-aaral ang mga terminolohiya. Pagkatapos ay isagawa ang pagwawasto upang malaman ng mga mag-aaral ang kagyat na paliwanag ukol sa mga teoryang natagpuan sa *puzzle*.

3. **Panlinang na Gawain**

Hatiin ang klase sa anim na pangkat. Magpagawa ng isang malikhaing presentasyon kung saan tatalakayin ng mga mag-aaral at ibabahagi sa kapwa mag-aaral ang iba't ibang teorya na nagpapaliwanag sa pinagmulan ng Pilipinas.

a. Unang Pangkat – *Ice Age Theory*
b. Ikalawang Pangkat – *Bottom of the Sea Theory*
c. Ikatlong Pangkat – *Volcanic Eruption Theory*
d. Ikaapat na Pangkat – *Pacific Theory*
e. Ikalimang Pangkat – *Asiatic Theory*
f. Ikaanim na Pangkat – *Continental Shelf Theory*

Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang makapaghanda. Maaaring ipagamit sa mga mag-aaral ang sumusunod na ideya sa kanilang presentasyon.

a. Pagbabalita
b. *Panel Discussion*
c. *Choral Recitation*
d. Likhang Awit
e. *Battle of the Brains/Gameshow*
f. *Magazine Show/Travel Show*

4. **Pangwakas na Gawain**

Maghanda ng kahon na naglalaman ng iba't ibang mahahalagang katanungan ukol sa mga teorya na pinagmulan ng daigdig at ng ating bansa. Maghanda ng isa pang kahon para sa mga pangalan ng mga mag-aaral. Basahin ang tanong na mabubunot at bumunot din ng pangalan ng mag-aaral na sasagot nito. Iproseso ang tumpak na sagot upang mapalalim ang pang-unawa ng mga mag-aaral ukol sa tinalakay.

C. **Ikatlong Araw**

1. **Pagganyak**

Magpakita ng *video* na tumatalakay sa mga sinaunang tao na nanirahan sa bansa. Ipatala sa mga mag-aaral ang mahahalagang konsepto na mapapanood

nila sa *video*. Tumawag ng ilang mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga naitalang obserbasyon.

2. **Talasalitaan**

Ipakilala sa mga mag-aaral ang salitang **migration** at **diffusion**. Hayaan sila na magbigay ng kagyat na paliwanag tungkol sa pagkakaunawa nila sa mga salitang ito. Bigyan ang mga mag-aaral ng maliit na papel upang maitala nila ang maliit na impormasyon na kanilang nalalaman dito. Ipadikit sa mga mag-aaral ang kanilang sagot sa pisara. Pagkatapos ay iproseso ang mga sagot ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbilog at pagbibigay ng *chip* o *stars* sa mga mag-aaral na nakakuha ng mga tumpak na pagpapakahulugan sa konsepto. Talakayin ang kahulugan ng salita sa mga mag-aaral.

3. **Panlinang na Gawain**

a. Hatiin ang klase sa anim na grupo. Ang una at ikalawang pangkat ay tatalakay at ilalarawan ang mga katangian ng mga Negrito kasama ng kanilang pinagmulan. Ang ikatlo at ikaapat na pangkat ay tatalakay sa mga Indones at ang ikalima at ikaanim na pangkat ay tatalakay sa mga Malay.

b. Ang unang pangkat sa bawat pagkakahati ay gagawa ng *graphic organizer* na tatalakay sa pinagmulan ng pangkat na ito samantalang ang susunod na pangkat naman ay maglalarawan sa kanilang katangian sa pamamagitan ng likhang awit. Ipagawa ang presentasyon ng *organizer* at ng kanta bilang isang pangkat.

4. **Pangwakas na Gawain**

Isagawa ang istratehiyang DUGTUNGAN. Padugtungan sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga pahayag.

a. Ang *wave of migration theory* ay nagsasabi na ______________________
b. Ang mga Negrito ay _________________
c. Mapuputi ang mga Indones dahil ____________________
d. Naiiba ang mga Malay dahil __________________
e. Ang *Austronesian Diffusion Theory* ay __________________

5. **Pagtataya**

Ipasagot ang mga pagsasanay sa "Pagtataya" sa pp. 60–61. Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang sagutin ang pagsasanay. Pagkatapos ay isagawa ang pagwawasto.

6. **Takdang-aralin**


Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawain sa “Gumawa Tayo” sa p. 62.

## Mga Sagot sa Pagsasanay

**Maglaro Tayo!** (p. 49)

1. Palawan
2. Cagayan
3. Borneo
4. Taiwan
5. Mindanao
6. Celebes
7. Negros
8. Panay
9. Malaysia
10. Indonesia

**Alam mo ba?** (pp. 50–51)




**Pagtataya**

A. (p. 60)

1. A
2. B
3. B
4. A
5. B
6. C
7. C
8. D
9. D
10. C

## Aralin 4 – Sinaunang Lipunang Pilipino

### I. Mga Layunin

1. Natatalakay ang tungkol sa sinaunang lipunang Pilipino sa pamamagitan ng pamumuhay sa barangay at sa sultanato;
2. Nakagagawa ng presentasyon na nagpapakita ng kaibahan ng kabuhayan ng mga tao na nabibilang sa iba't ibang antas ng lipunan sa Luzon, Visayas, at Mindanao; at
3. Napahahalagahan ang pagkakaroon ng batas na sinusunod ng mga tao upang maisaayos ang lipunang Pilipino noong mga panahong iyon.

### II. Nilalaman

#### A. Paglalahat

Ang sinaunang mga Pilipino ay may naitatag na mga simpleng pamayanan at lipunan na halaw sa kultura at tradisyon ng ating mga ninuno. Ang barangay ang naitatag sa Luzon at Kabisayaan samantalang sultanato naman sa Mindanao. Ang mga pinuno noon ay tinatawag na mga datu o sultan. Simple lamang at payak ang paraan ng kabuhayan tulad ng pangingisda, pagsasaka, paghahabi at pangangalakal. Mayroon din silang mga simpleng batas na sinusunod upang higit na maisaayos ang kanilang mga pamayanan.

B. **Paksang-aralin**

Sinaunang Lipunang Pilipino

C. **Sanggunian**

SIGLO 5 (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan), pp. 63–78

III. **Mga Gawain**

A. **Unang araw**

1. **Pagganyak**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Maglaro Tayo!" sa pp. 63–64. Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang sagutan ito.

2. **Talasalitaan**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Alam mo ba?" sa pp. 65–66. Pagkatapos ay isagawa ang pagwawasto.

3. **Panlinang na Gawain**

a. Bigyang pokus ang tungkol sa uri ng pamahalaan na mayroon ang mga sinaunang Pilipino: ang barangay at ang sultanato.

b. Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Magpagawa ng *graphic organizer* sa bawat pangkat kung saan ay tatalakayin nila ang sumusunod:

   i. Unang Pangkat – Katangian ng barangay at paraan ng pamumuhay ng tao rito
   ii. Ikalawang Pangkat – Paglalarawan sa pinuno at pamamahala sa loob ng isang barangay
   iii. Ikatlong Pangkat – Katangian ng sultanato at paraan ng pamumuhay rito
   iv. Ikaapat na Pangkat – Paglalarawan sa pinuno at pamamahala sa loob ng isang sultanato

c. Bigyan ng sapat na panahon ang bawat pangkat na mabuo nila ito. Pagkatapos ay isa-isang ipabahagi sa bawat pangkat ang kanilang ginawang *organizer*.

4. **Pangwakas na Gawain**

Magpagawa ng *Venn diagram* sa mga mag-aaral kung saan ay bibigyang buod nila ang kanilang natutuhan ukol sa barangay at sultanato. Bigyan ng panahon ang mga mag-aaral upang sagutan ang pagsasanay na ito. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga sagot.

5. **Takdang-aralin**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Mag-isip Tayo!" sa pp. 64–65. Iproseso ito sa susunod na pagtalakay.

B. **Ikalawang Araw**

1. **Pagganyak**

Balikan ang takdang ipinagawa sa mga mag-aaral. Tumawag ng ilang mga mag-aaral na magbabahagi sa klase ng kanilang mga sagot sa mga katanungang nakalagay sa batayang aklat.

2. **Talasalitaan**

a. Iparinig sa mga mag-aaral ang awiting *Tatsulok* ni Bamboo. Ipatala sa kanila ang ilang mga salitang kanilang narinig sa awitin na may kinalaman sa lipunan. Pagkatapos ay tumawag ng ilang mag-aaral na magtatala sa pisara ng mahahalagang salitang kanilang nakuha sa awit.
b. Ipabuod sa mga mag-aaral ang kanilang mga nakuhang salita upang maipaunawa ang kahulugan ng pinakapaksa nito: ang antas ng lipunan.

3. **Panlinang na Gawain**

   a. Talakayin sa mga mag-aaral ang tungkol sa antas ng lipunan ng sinaunang Pilipino.
   b. Hatiin ang klase sa limang pangkat. Magpagawa ng pagsasadula upang mailarawan ang kabuhayan at pamumuhay ng mga tao ayon sa kanilang antas sa lipunan.

      i. Una at Ikalawang Pangkat – Antas ng lipunan at kabuhayan sa Luzon
      ii. Ikatlo at Ikaapat na Pangkat – Antas ng lipunan at kabuhayan sa Visayas
      iii. Ikalimang Pangkat – Antas ng lipunan at kabuhayan sa Mindanao

4. **Pangwakas na Gawain**

   Magpagawa ng maikling tula sa mga mag-aaral upang maipahayag nila ang kanilang saloobin ukol sa antas ng lipunan na mayroon noon at ngayon. Bigyan sila ng ilang minuto upang gawin ito at pagkatapos ay tumawag ng ilang mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang ginawang tula.

5. **Takdang-aralin**

   Magpagawa ng isang pananaliksik tungkol sa "Kodigo ni Kalantiaw."

Magpatala ng mahahalagang batas na nabanggit dito.

C. **Ikatlong Araw**

1. **Pagganyak**

Magpanood sa mga mag-aaral ng *video* na nagpapakita ng iba't ibang batas na naipatupad sa bansa mula noong panahon ng Espanyol hanggang sa kasalukuyan. Pagkatapos ay tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang kanilang mga nakuhang paliwanag ukol sa batas na naipatupad sa Pilipinas. Magsagawa ng isang *Popcorn Discussion* kung saan sasagutin ng mga mag-aaral ang sumusunod na tanong.

a. Sa isang salita, paano mo mailalarawan ang batas sa Pilipinas?
b. Naging epektibo ba ang batas sa Pilipinas? Oo o hindi? Bakit?

2. **Talasalitaan**

Isagawa ang gawaing *Give Me 5.* Humingi sa mga mag-aaral ng limang batas na ipinapatupad sa bansa na kanilang sinusunod. Tumawag ng ilang mga mag-aaral upang itala ang kanilang mga sagot. Iproseso ang mga sagot ng mga mag-aaral at tanungin sila kung paano nila bibigyang kahulugan ang salitang *batas*.

3. **Panlinang na Gawain**

   a. Magpanood ng *video* na may kinalaman sa “Kodigo ni Kalantiaw.”
   b. Pagkatapos ay talakayin ang mahahalagang konsepto nito sa mga mag-aaral.
   c. Hatiin ang klase sa limang pangkat at magpagawa sa kanila ng pagsasadula ukol sa mga nasaliksik nila sa mahahalagang batas na nilalaman ng “Kodigo ni Kalantiaw.” Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang makapaghanda. Pagkatapos ay hayaan sila na ipakita ito sa klase.

4. **Pangwakas na Gawain**

   Itanong sa mga mag-aaral ang sumusunod:

   a. Paano nagkaiba ang “Kodigo ni Kalantiaw” sa batas na umiiral sa ating bansa sa kasalukuyan?
   b. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng batas na susundin ng mga tao sa isang bansa o lipunan?

5. **Pagtataya**

   Ipasagot ang mga pagsasanay sa “Pagtataya” sa pp. 75–77. Isagawa ang pagwawasto at pagbabahagi ng kasagutan ng mga mag-aaral

6. **Takdang-aralin**


Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawain sa “Gumawa Tayo!” sa p. 78. Iproseso ito sa susunod na pagtalakay.

## Mga Sagot sa Pagsasanay

**Maglaro Tayo!** (p. 63)

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | J | B | O | R | N | E | O | N | Z | O | M | Y | T |
| D | B | L | O | K | Y | A | G | N | A | R | A | B | G |
| L | A | K | L | A | W | R | E | N | C | E | H | U | N |
| P | L | T | M | G | H | N | I | P | I | L | A | I | A |
| O | A | B | U | T | R | I | N | L | A | W | R | O | M |
| I | N | Z | X | C | V | A | B | N | M | K | L | P | N |
| U | G | A | T | S | D | F | H | G | H | J | I | K | O |
| Y | A | Q | W | I | E | R | T | A | Y | U | K | I | B |
| T | Y | Z | X | C | M | V | B | N | H | M | A | L | A |
| R | H | A | S | D | F | A | G | H | J | K | L | P | T |
| E | F | Q | W | E | R | T | W | Y | U | I | O | P | L |
| W | D | Z | X | C | V | B | N | A | M | L | K | J | H |
| Q | S | M | A | N | D | I | R | I | G | M | A | F | G |

**Alam mo ba?** (pp. 65–66)




## Pagtataya

A. (pp. 75–76)

1. balangay
2. Zubu
3. Lapulapu
4. Selurong
5. maharlika
6. sultanato
7. Shariff Kabungsuwan
8. Abu Bakr
9. mandirigma
10. oripun

## Aralin 5 – Sinaunang Paniniwala, Tradisyon, at Kinagawiang Pilipino

I. **Mga Layunin**

1. Natatalakay ang iba't ibang mga sinaunang paniniwala ng mga Pilipino at kung paano ito nakaaapekto sa kasalukuyang kulturang Pilipino;
2. Nakagagawa ng mas malalim na pang-unawa sa kultura at tradisyong Pilipino sa pamamagitan ng iba't ibang malikhaing presentasyon; at
3. Nauunawaan ang kahalagahan ng pagiging bukas ng mga Pilipino sa pagyakap sa ibang kultura at tradisyon na nagbigay ng malaking pagbabago sa kulturang Pilipino sa kasalukuyan.

II. **Nilalaman**

A. **Paglalahat**

Ang mga Pilipino ay may mga sinaunang kultura, tradisyon, at mga kinagawian. Ang kanilang mga paniniwala ay hango sa kanilang relihiyon at sa pagsamba sa kanilang mga diyos-diyosan. Mahalagang pangyayari sa Mindanao ang pagkatatag ng relihiyong Islam bilang pamantayan hindi lamang ng relihiyon kundi ng buhay at kaasalan ng mga tao.

B. **Paksang-aralin**

Sinaunang Paniniwala, Tradisyon, at Kinagawiang Pilipino

C. **Sanggunian**

SIGLO 5 (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan), pp. 79–98

III. **Mga Gawain**

A. **Unang Araw**

1. **Pagganyak**

Pasagutan sa mga mag-aaral ang "Maglaro Tayo!" at "Mag-isip Tayo!" sa pp. 79–80. Ipabahagi ang kanilang sagot.

2. **Talasalitaan**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Alam mo ba?" sa p. 81. Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang sagutan ito. Pagkatapos ay ipakilala ang mga salita sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng paliwanag o mga halimbawa.

3. **`Panlinang na Gawain**

Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Ang unang dalawang pangkat ay gagawa ng isang *timeline* at *graphic organizer* kung saan ibubuod nila ang kasaysayan ng Islam sa Pilipinas. Ang kasunod na dalawang pangkat naman ay gagawa ng *Top Ten List* ng iba't ibang sinaunang paniniwala ng mga

Pilipino noon. Bigyan ng sapat na panahon ang bawat pangkat upang maihanda nila ang kanilang presentasyon at pagkatapos ay ipabahagi ang kanilang nagawa sa klase.

4. **Pangwakas na Gawain**

Isagawa ang gawaing *move quiz*. Magbigay ng 10 katanungan na may kinalaman sa paksang tinalakay. Idikit ito sa mga upuan sa loob ng klase. Papilahin ang mga mag-aaral sa labas ng pintuan at isa-isang papasukin ang mga ito upang sagutan ang mga katanungan na nakadikit sa upuan. Gawin ang proseso hanggang sa ang lahat ng mga mag-aaral ay makapagbigay na ng sagot. Iproseso ang mga tumpak na sagot upang mapalalim ang talakayan.

B. **Ikalawang Araw**

1. **Pagganyak**

Magpakita ng isang *video* na nagpapakita ng sinaunang kultura at tradisyon ng mga Pilipino. Bigyan ang mga mag-aaral ng papel kung saan isusulat nila ang kanilang mga obserbasyon ukol sa kanilang napanood. Pagkatapos ay ipadikit sa pisara ang sagot ng mga mag-aaral. Iproseso ang mga naibigay na sagot ng mga mag-aaral.

2. **Talasalitaan**

Magsagawa ng larong *Picture Puzzle*. Magpakita ng mga larawan na may kinalaman sa sinaunang kultura at tradisyon ng mga Pilipino. Pahulaan sa mga mag-aaral gamit ang *flashcards* kung ang tinutukoy ng mga larawan. Maaaring gamitin ang mga larawan ng sumusunod:

a. baro at saya
b. putong
c. bahag
d. *tattoo*
e. magsasaka

Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang kanilang pang-unawa sa mga salitang naipakilala ng mga larawan.

3. **Panlinang na Gawain**

Isagawa ang pagbibigay ng panimulang pagtalakay ukol sa sinaunang kultura at tradisyon ng mga Pilipino. Pagkatapos ay hatiin ang klase sa apat na pangkat. Ang bawat pangkat ay magpapakita ng malikhaing presentasyon kung saan nila maaaring maipakita ang katangian at paglalarawan ng sumusunod:

a. Unang Pangkat – Sinaunang tahanan ng mga Pilipino

b. Ikalawang Pangkat – Sinaunang kasuotan ng mga Pilipino
c. Ikatlong Pangkat – Sinaunang kabuhayan ng mga Pilipino
d. Ikaapat na Pangkat – Sinaunang sining at panitikan ng mga Pilipino

Bigyan ng sapat na oras ang mga mag-aaral upang makapaghanda at pagkatapos ay tawagin ang bawat pangkat upang ibahagi ang kanilang mga ginawang presentasyon.

4. **Pangwakas na Gawain**

Sa isang ½ na pirasong papel ay magpagawa ng isang *Venn diagram* sa mga mag-aaral kung saan ay ilalarawan nila ang kaibahan ng kultura at tradisyon ng mga Pilipino noon sa kulturang Pilipino sa kasalukuyan. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot sa klase.

C. **Ikatlong Araw**

1. **Pagganyak**

Tanungin ang mga mag-aaral ukol sa paborito nilang palabas sa kasalukuyan. Ipatala sa kanilang kuwaderno kung paano inilalarawan ng paborito nilang palabas

ang pamilyang Pilipino sa kasalukuyan. Pagkatapos ay isagawa ang *Think-Pair-Share* kung saan ibabahagi ng mga mag-aaral sa kanilang kapareha ang kanilang mga sagot. Pagkatapos ng ilang minuto ay tumawag ng ilang mga-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot.

2. **Talasalitaan**

Gamit ang salitang **pamilya**, tumawag ng ilang mag-aaral upang gumawa ng iba pang salita na maaari nilang mabuo mula sa titik ng nasabing salita. Pagkatapos ay subukang ipaugnay sa mga mag-aaral ang salitang ito sa pinakapaksa. Bigyan ng puntos ang mga mag-aaral kung makukuha nila ang sumusunod na salita: PAA (Ang bawat tao sa isang pamilya ay may paa upang makatayo sila sa kanilang sarili). Ang iba pang salita ay: AMA, LIMA, ILAP, LAPI, LAYA, at MAPA.

3. **Panlinang na Gawain**

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Magpagawa ng pagsasadula o pagsasatao kung paano nila mailalarawan ang sinaunang pamilya noon at kung paano ito naiiba sa kasalukuyan. Maaaring gumawa ng iba pang paraan ng presentasyon tulad ng pagbabalita, koreanovela, at iba pa. Bigyan ng ilang minutong paghahanda ang

bawat pangkat at isa-isa silang tawagin upang ipakita ang kanilang presentasyon.

4. **Pangwakas na Gawain**

   Magpagawa ng isang panata sa mga mag-aaral. Ipatala ang kanilang mga pangako bilang responsableng miyembro ng kanilang pamilya. Tumawag ng ilang mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga sagot.

5. **Pagtataya**

   Pasagutan ang mga pagsasanay sa "Pagtataya" sa pp. 94–97. Iproseso ang tamang sagot ng mga mag-aaral.

6. **Takdang-aralin**

   Ipagawa ang gawain sa "Gumawa Tayo!" sa p. 98 at "Markahang Pagsasanay" sa pp. 100–106. Ibahagi ang mga naging sagot sa susunod na pagtalakay.

**Mga Sagot sa Pagsasanay**

**Maglaro Tayo!** (pp. 79–80)

| | |
|---|---|
| MOSKE | ANITO |
| PAGSASAKA | KORAN |
| SIBAT | BAHAY-KUBO |

**Alam mo ba?** (p. 81)




**Pagtataya**

A. (pp. 94–95)

1. Mandarangan – Idiyanale
2. Luzon – Visayas
3. Mohammed – Allah
4. Tama
5. Muslim – Lumad
6. Lalaki – babae, kamisa – kangan
7. Tama
8. Kangan – bahag
9. Baro – saya
10. Bothoan – barter

**Markahang Pagsasanay**

A. (pp. 100–102)

1. a
2. a
3. c
4. b
5. d
6. a
7. d
8. c
9. b
10. d
11. a
12. b
13. b
14. b
15. c
16. a
17. b
18. d
19. c
20. d

# IKALAWANG MARKAHAN
# PAMUNUANG KOLONYAL NG ESPANYA SA PILIPINAS

**Pangunahing Pang-unawa:**

Naipamamalas ang mapanuring pag-unawa sa konteksto at bahaging ginagampanan ng simbahan sa layunin at mga paraan ng pananakop ng Espanyol sa Pilipinas at ang epekto nito sa lipunan.

**Pangunahing Katanungan:**

Bakit mahalagang maunawaan ang konsepto ng kolonyalismo at ang dahilan ng pananakop ng isang bansa sa iba pang bansa? Bakit may mga mananakop at nasasakop na mga bansa? Paano nakaaapekto sa isang bansa at sa mga mamamayan nito ang pananakop ng iba pang mga bansa? Paano nakaapekto ang pananakop ng mga Espanyol sa sinaunang kultura at lipunan na mayroon ang Pilipinas?

## Aralin 1 – Kahulugan ng Kolonyalismo at Dahilan ng Pananakop ng Espanya sa Pilipinas

### I. Layunin

1. Natatalakay ang kahulugan ng kolonyalismo;
2. Nakapaglalahad ng mga pangyayaring nagbunsod sa ekspedisyon at pagkatuklas ng bansa na naging dahilan ng pagpasok ng kolonyalismo sa Pilipinas; at

3. Nauunawaan ang kahalagahan ng pagmamahal at pagmamalasakit sa bayan sa pamamagitan ng pakikipaglaban para sa kalayaan tulad ng ginawa ng unang bayaning si Lapulapu.

## II. Nilalaman

### A. Paglalahat

Ang kolonyalismo ay isang pamamaraan ng pagpapakita ng lakas ng isang bansa sa ibang bansa. Natunton ng mga Espanyol ang Pilipinas at dito ay nakapagtatag ng kanilang kolonya sa pamamagitan ng Katolisismo at pagpapalaganap ng relihiyon sa mga Pilipino. Bukod dito, ang ilan pa sa dahilan ng kolonyalismo ay ang pagpapalawak ng kapangyarihan, pagtuklas at paggamit ng ibang yaman gayundin ang pagtuklas ng mga ruta na magagamit din sa sistemang merikantilismo at pakikipagkalakalan.

### B. Paksang-aralin

Kahulugan ng Kolonyalismo at Dahilan ng Espanya sa Pilipinas

### C. Sanggunian

SIGLO 5 (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan), pp. 108–122

## III. Mga Gawain

### A. Unang Araw

#### 1. Pagganyak

Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga gawain sa “Maglaro Tayo!” at “Mag-isip Tayo!” sa pp. 108–109. Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang sagutan ang pagsasanay. Pagkatapos ay isagawa ang pagwawasto at pagbabahagi ng tamang kasagutan.

#### 2. Talasalitaan

Ipakilala sa mga mag-aaral ang mga salita na matatalakay sa buong aralin. Ipasagot ang gawain sa “Alam mo ba?” sa p. 110. Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang sagutan ang pagsasanay. Iproseso ang mga sagot upang magkaroon ang mga mag-aaral ng simpleng pang-unawa.

#### 3. Panlinang na Gawain

a. Magpakita ng isang *video* upang magkaroon ng kagyat na impormasyon ang mga mag-aaral tungkol kay Ferdinand Magellan o Fernando Magallanes. Ipatala sa mga mag-aaral ang mahahalagang konseptong nakuha nila sa *video*.

b. Pagkatapos ay hatiin ang klase sa apat na pangkat. Ang bawat pangkat ay bubuo ng isang *graphic organizer* kung saan nila ilalahad ang mahahalagang konsepto ukol sa sumusunod na paksa.

   i. Unang Pangkat – Kasaysayan ng Personal na Buhay ni Magallanes
   ii. Ikalawang Pangkat – Si Magallanes at ang Portugal
   iii. Ikatlong Pangkat – Si Magallanes at ang Espanya
   iv. Ikaapat na Pangkat – Si Magallanes bilang isang Manlalakbay

c. Bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral upang pag-usapan at gawin ang kanilang *graphic organizer* at pagkatapos ay isa-isang ipapakita at ibabahagi nila ito sa klase.

4. **Pangwakas na Gawain**

Magpagawa ng isang maiksing tula na naglalarawan ng mga mabubuti at hindi magagandang katangian ni Ferdinand Magellan, na nakaapekto sa naging bahagi niya sa kasaysayan hindi lamang ng kanyang bansa kundi ng ating bansa sa kabuuan. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang nagawang tula.

B. **Ikalawang Araw**

1. **Pagganyak**

Isagawa ang larong *Form a Word*. Hatiin ang klase sa limang pangkat at sa loob ng limang minuto ay magpaparamihan sila ng mabubuong salita galing sa salitang **kolonyalismo**. Pagkatapos ay ipasulat ang mga ito sa pisara. Ang grupo na mas maraming nabuong mga salita ang siyang bibigyan ng karagdagang puntos.

2. **Talasalitaan**

Magpagawa ng akrostik kung saan ay bibigyan ng mga mag-aaral ng kahulugan ang bawat titik ng salitang **kolonyalismo** ayon sa kanilang pananaw ukol sa kahulugan, dahilan, o epekto nito. Bigyan ng sapat na minuto ang mga mag-aaral upang sagutan ito at pagkatapos ay tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga sagot.

3. **Panlinang na Gawain**

a. Mula sa pagbabahagi ng mga mag-aaral ukol sa salitang kolonyalismo ay talakayin ang pangunahing kahulugan ng terminolohiyang ito. Himayin at ibahagi rin ang kasaysayan ng salita at kung bakit naipakilala ang konsepto ng kolonyalismo.

b. Hatiin ang klase sa limang pangkat. Ipatalakay sa kanila ang mga dahilan ng kolonyalismo. Ipaliliwanag nila ang konsepto sa pamamagitan ng iba't ibang malikhaing presentasyon.

   i. Unang Pangkat – Kapangyarihan
   ii. Ikalawang Pangkat – Relihiyon at Ebanghelisasyon
   iii. Ikatlong Pangkat – Likas na Yaman at Resorses
   iv. Ikaapat na Pangkat – Merkantilismo
   v. Ikalimang Pangkat – Alyansa

c. Bigyan ng sapat na paghahanda ang bawat pangkat at ipabahagi sa kanila ang kanilang presentasyon.

4. **Pangwakas na Gawain**

Iproseso ang mahahalagang konsepto na may kinalaman sa dahilan ng kolonyalismo. Maaaring gamitin ang sumusunod na batayang tanong.

a. Ano para sa iyo ang pinakapangunahing dahilan ng Espanya sa pananakop sa ibang bansa?
b. Ano para sa iyo ang pangunahing dahilan ng pananakop nila sa Pilipinas?
c. Bakit naging madali sa isang bansa tulad ng Espanya na manakop ng ibang bansa tulad ng Pilipinas?
d. Ano ang naging epekto ng kolonyalismo sa mga sinaunang Pilipino?

e. Kung ikaw ay isang tagatala ng kasaysayan, paano mo iuulat ang ginawang ekspedisyon ni Magellan sa Pilipinas sa pamamagitan ng isang pangungusap lamang?

C. **Ikatlong Araw**

1. **Pagganyak**

Magbigay ng 10 aytem na *flash quiz*. Ipakita ang mga tanong sa pamamagitan ng *flashcards* o *PowerPoint presentation*.

2. **Talasalitaan**


a. Bigyan ng maliit na papel ang mga mag-aaral. Magpagawa ng *shout out* o *hashtag*. Ang *shout out* o *hashtag* ay ginagamit upang magpahayag ng damdamin at saloobin. Ang paksa na gagamitin ay: “Sa lahat ng bayaning Pilipino, sino ang pinaka-idol mo?”

*Halimbawa:* #bilibakokaybonifacio

b. Tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi ng kanilang sagot at dahilan kung bakit ang bayaning iyon ang kanilang napili. Kung sakaling hindi mabanggit si Lapulapu, gamitin ang hashtag na #idolkosilapulapudahilsiyaangunang/bayaningPilipino.

3. **Panlinang na Gawain**

Magpakita ng isang blangkong *concept map*. Hatiin sa apat na pangkat ang klase at papunan sa mga mag-aaral ang bawat *petal* upang makumpleto ang talakayan ukol sa paksa ngayong araw: Labanan sa Mactan.




4. **Pangwakas na Gawain**

Sa isang puting papel ay magpaguhit sa mga mag-aaral ng isang simbolo na maglalarawan sa kabayanihang ipinakita ni Lapulapu. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang ginawa.

5. **Pagtataya**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga pagsasanay sa "Pagtataya" sa pp. 118–121.

6. **Takdang-aralin**


Ipagawa ang mga gawain sa “Gumawa Tayo!” sa p. 122. Iproseso ito sa unang araw ng susunod na pagkikita.

## Mga Sagot sa Pagsasanay

**Maglaro Tayo!** (p. 108)

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Q | A | N | O | I | C | P | E | C | N | O | C | Z | F |
| M | P | I | G | A | F | E | T | T | A | Q | L | X | D |
| O | A | Q | E | V | D | Q | A | D | V | W | K | C | S |
| L | S | G | R | H | I | W | M | A | C | T | A | N | A |
| U | D | W | E | G | S | C | S | F | C | A | J | V | W |
| C | F | S | T | L | A | E | T | G | X | E | R | B | E |
| C | G | A | Y | A | L | R | S | O | T | R | H | O | I |
| A | H | N | U | P | Z | A | A | H | R | T | G | N | S |
| S | J | L | I | U | X | T | N | J | I | I | F | M | A |
| W | K | A | O | L | C | Y | T | K | N | Y | A | L | B |
| E | L | Z | P | A | V | U | I | L | I | U | D | K | E |
| R | M | A | L | P | B | I | A | M | D | I | S | J | L |
| T | N | R | K | U | N | O | G | N | A | O | A | H | R |
| Y | B | O | J | F | M | P | O | B | D | P | Z | G | T |
| M | I | G | U | E | L | L | E | G | A | Z | P | I | Y |

**Alam mo ba?** (p. 110)




## Pagtataya

A. (pp. 118–119)

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| C | Q | W | E | R | A | T | T | E | F | A | G | I | P | T |
| A | M | S | D | F | G | H | J | K | L | P | O | R | S | Y |
| S | A | A | D | F | V | G | H | C | N | G | U | E | A | U |
| D | C | W | G | L | X | I | C | V | E | H | T | D | N | I |
| F | T | S | A | A | S | D | C | F | G | B | R | N | L | O |
| G | A | F | K | P | L | V | M | T | N | B | U | A | A | P |
| N | N | D | X | U | D | L | F | G | O | H | T | X | Z | I |
| O | T | G | S | L | L | V | A | B | M | R | N | E | A | S |
| B | R | H | D | A | S | A | E | N | T | Y | I | L | R | R |
| A | E | N | E | P | C | V | M | B | E | N | M | A | O | A |
| M | W | B | R | U | A | S | D | B | F | S | G | H | J | M |
| U | Q | V | T | G | H | J | K | L | U | M | N | B | V | C |
| H | K | O | L | O | N | Y | A | L | I | S | M | O | G | V |
| Z | F | F | F | N | O | I | C | P | E | C | N | O | C | F |
| X | C | R | B | N | J | K | L | U | I | O | P | L | M | N |

**Alam mo ba?** (pp. 120–121)

1. Mali – April 27
2. Tama
3. Mali – Moluccas
4. Mali – Portugal
5. Mali – Carlos
6. Tama
7. Tama
8. Tama
9. Tama
10. Mali – Aprika

## Aralin 2 – Pananakop ng Espanya sa Pilipinas

### I. Mga Layunin

1. Naipaliliwanag ang iba't ibang perspektibo ukol sa pagtatatag ng kolonya ng Espanya sa Pilipinas;
2. Nakabubuo ang mga mag-aaral ng skit upang talakayin ang mahahalagang impormasyon ukol sa pagpasok ng Espanya sa Pilipinas; at
3. Nauunawaan ang kahalagahan ng pagiging makabayan upang mapangalagaan ang kalayaan ng mamamayan at ng bansa sa kabuuan.

### II. Nilalaman

#### A. Paglalahat

Ang Pilipinas ay nasakop ng bansang Espanya dahil sa sunod sunod na pagdating nga mga ekspedisyon pagkatapos ng ekspedisyong Magallanes. Naging matagumpay si Miguel Lopez de Legazpi na magtatag ng mga pamayanang kontrolado ng mga Espanyol: Cebu, Panay, at Maynila na naging punong lungsod ng Pilipinas. Siya din ang naging unang gobenador-heneral ng Pilipinas at naging hudyat ng pagsisimula ng pagpapasailalim ng bansa sa kapangyarihan ng dayuhang mananakop.

#### B. Paksang-aralin

Pananakop ng Espanya sa Pilipinas

C. **Sanggunian**

SIGLO 5 (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan), pp. 123–139

III. **Mga Gawain**

A. **Unang Araw**

1. **Pagganyak**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga gawain sa "Maglaro Tayo!" at "Mag-isip Tayo!" sa pp. 123–124. Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang sagutan ang mga pagsasanay.

2. **Talasalitaan**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang bahaging "Alam mo ba?" sa p. 125. Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang kumpletuhin ang pagsasanay. Tanungin ang mga mag-aaral sa kanilang kaalaman ukol sa mga salitang nabanggit. Magbigay rin ng paliwanag upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang terminolohiya.

3. **Panlinang na Gawain**

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Magpagawa ng isang simulasyon o

skit kung saan tatalakayin ng bawat pangkat ang naganap sa ekspedisyong Magallanes. Bigyan ng ilang minutong paghahanda ang mga mag-aaral at bigyan sila ng gabay. Kailangang maipakita nila ang mahahalagang petsa at tauhan sa ekspedisyong ito.

4. **Pangwakas na Gawain**

Isagawa ang istratehiyang *two-minute essay*. Bigyan ng dalawang minuto ang mga mag-aaral upang magsulat ukol sa paksang: "Bayan ko, Ipaglalaban ko." Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang ginawa sa klase.

B. **Ikalawang Araw**

1. **Pagganyak**

Magpanood ng *video* sa mga mag-aaral ukol sa naging pananakop ng Espanya sa Pilipinas. Ipatala sa mga mag-aaral ang mahahalagang impormasyon na nakuha nila sa *video*.

2. **Talasalitaan**

Magpakita ng ilang salita na nakasulat sa *flashcards*. Tanungin ang mga mag-aaral ukol sa mga salitang ito.

a. gitnang panahon
b. ekspedisyon
c. kasunduan
d. ladrones
e. sanduguan

Iproseso ang mga salitang ito at ipaliwanag nang mabuti sa mga mag-aaral.

3. **Panlinang na Gawain**

a. Hatiin ang klase sa limang pangkat. Magpagawa sa bawat pangkat ng isang skit kung saan tatalakayin nila ang mahahalagang impormasyon ukol sa pananakop ng Espanya sa Pilipinas. Isa-isang ipakita ang presentasyon ng pangkat.
b. Iproseso ang mahahalagang konsepto ukol sa pananakop ng Espanya sa Pilipinas. Gamitin ang sumusunod na mga prosesong tanong.

    i. Paano nagsimula ang pananakop ng Espanya sa Pilipinas?
    ii. Paano nila naisakatuparan ang pagkontrol sa bansa at pagpapasailalim sa kanilang kapangyarihan?
    iii. Sino-sino ang mahahalagang mga tao na may malaking papel sa pananakop ng Espanya sa Pilipinas?

4. **Pangwakas na Gawain**

Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot sa tanong na: “Paano nakaapekto sa mga Pilipino at sa bansa sa kabuuan ang pagdating ng mga Espanyol?”

C. **Ikatlong Araw**

1. **Pagganyak**

Magpakita ng isang *editorial cartoon* na tumatalakay sa kolonyalismo at paggamit ng kapangyarihan ng malalakas na bansa sa mahihinang bansa. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbibigay ng kanilang opinyon ukol sa *editorial cartoon*.

2. **Talasalitaan**

a. Tanungin ang mga mag-aaral tungkol sa kahulugan at kahalagahan ng sumusunod na salita.
   a. krus
   b. relihiyon
   c. pagkubkob
   d. pagkontrol
   e. pananakop
   f. paglapastangan sa resorses

b. Magbigay ng ilang halimbawang sitwasyon kung paano maiuugnay ang mga salitang ito sa aralin.

3. **Panlinang na Gawain**

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Sa paraang pagbabalita ay ipalahad sa mga mag-aaral ang mahahalagang impormasyon ukol sa mga perspektibo sa pagtatatag ng kolonyang Espanyol sa Pilipinas.

a. Unang Pangkat – Paggamit ng Krus
b. Ikalawang Pangkat – Kapangyarihan
c. Ikatlong Pangkat – Paggamit ng Resorses
d. Ikaapat na Pangkat – Napasailalim ang Pilipinas
e. Ikalimang Pangkat – Hindi Pagkakaisa ng mga Pilipino

4. **Pangwakas na Gawain**

Magpagawa sa mga mag-aaral ng isang liham para sa kanilang kapwa Pilipino ukol sa pagpapakita ng katapatan, katapangan, at kamulatan upang maipagtanggol ang bansa sa anumang banta ng pananakop o pagsasamantala ng mga dayuhan sa mga Pilipino at sa mga pag-aari ng bansang Pilipinas kabilang ang ating mga teritoryo. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang liham sa klase.

5. **Pagtataya**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Pagtataya" sa pp. 136–138. Sabay-sabay na isagawa ang pagwawasto.

6. Takdang-aralin

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Gumawa Tayo!" sa p. 139.

**Mga Sagot sa Pagsasanay**

**Alam mo ba?** (p. 125)



**Pagtataya**

A. (p. 136)

1. Gaspar Quesada
2. Santiago
3. Ladrones
4. Guam
5. Sebastian Elcano
6. Juan de Salcedo
7. Miguel Lopez de Legazpi
8. Ruy Lopes de Villalobos
9. Haring Carlos
10. Antonio Pigafetta

B. (p. 137)

1. Lorenzo
2. Lapulapu
3. Columbus
4. Samar
5. Juana

## Aralin 3 – Paraan ng Pananakop ng Espanyol sa Pilipinas

### I. Layunin

1. Naiisa-isa at naipaliliwanag ang iba't ibang patakarang kolonyal na naipatupad sa Pilipinas;
2. Nakagagawa ng mas malalim na talakayan sa uri ng pamamahala ng mga Espanyol sa Pilipinas; at
3. Napahahalagahan ang magandang dulot ng pakikipagkalakalan sa mga tao at sa bansa sa kabuuan.

### II. Nilalaman

#### A. Paglalahat

Ang pamahalaang kolonyal ng Espanya sa Pilipinas ay nagtalaga ng maraming mga patakaran upang madaling pamahalaan ang mga Pilipino. Ito ay sa pamamagitan ng *encomienda* o paghahati ng mga lupain, *reduccion* o ang paghahati ng mga lalawigan at lugar upang ipunin ang mga Pilipino, at ang *polo y servicio* o sapilitang paggawa sa mga taong may edad 16 hanggang 60 sa loob ng 40 araw kada taon at pagbabayad ng buwis o *tribute* na panggagalingan ng pondo ng pamahalaan. Malaking tulong din sa pamahalaang sentral sa bansa na pinamumunuan ng isang gobernador heneral ang kalakalang galyon at iba pang buwis na sinisingil sa mga Pilipino.

B. **Paksang-aralin**

Paraan ng Pananakop ng Espanyol sa Pilipinas

C. **Sanggunian**

SIGLO 5 (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan), pp. 140–153

II. **Mga Gawain**

A. **Unang Araw**

1. **Pagganyak**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Maglaro Tayo!" at ang "Mag-isip Tayo!" sa pp. 140–141. Tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi ng kanilang mga sagot.

2. **Talasalitaan**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang pagsasanay sa "Alam mo ba?" sa pp. 141–142. Ipasulat sa ilang piling mag-aaral ang mga salitang nakita nila sa *puzzle* at pagkatapos ay tanungin ang mga ito kung ano ang pagkaunawa nila sa mga salita.

3. **Panlinang na Gawain**

a. Magpakita ng isang *graphic organizer* na tumatalakay sa sistemang politikal o *organogram* ng pamahalaang kolonyal ng Espanya sa Pilipinas. Dito ay makikilala nila ang sumusunod na tauhan.

1. Gobernador
2. Alcalde-mayor
3. Hari at Reyna ng Espanya
4. Real Audiencia
5. Gobernadorcillo
6. Kabesa

b. Hatiin ang klase sa anim na pangkat at pagkatapos ay isa-isang ipaulat sa kanila kung ano-ano ang mga katangian, gawain, at responsibilidad ng sumusunod. Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang makapaghanda. Pagkatapos ay isa-isa ipakita ang kanilang presentasyon.

4. **Pangwakas na Gawain**

Padugtungan sa mga mag-aaral ang sumusunod na ipakikitang *flashcard*: Ang pamahalaan ng Espanyol sa Pilipinas ay parang ______________________________ dahil ____________________.

B. **Ikalawang Araw**

1. **Pagganyak**

    Magpanood ng isang *movie clip* o pelikulang tagalog na nagpapakita ng buhay na mayroon ang mga Pilipino sa panahon ng mga Espanyol. Ipatala sa mga mag-aaral ang mahahalagang konsepto at pagkatapos ay talakayin ang mga ito.

2. **Talasalitaan**

    a. Mula sa nabasang kuwento, hingin ang paglalarawan ng mga mag-aaral sa sumusunod na salita.

        i. Kalakalan
        ii. Polo
        iii. Monopolyo
        iv. Tribute
        v. Barter

    b. Magbigay ng ilang halimbawa upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga salitang nakalista sa itaas.

3. **Panlinang na Gawain**

    a. Hatiin ang klase sa limang pangkat. Ang bawat pangkat ay magpapakita ng presentasyon kung paano namahala ang mga Espanyol sa Pilipinas sa pamamagitan ng sumusunod na patakaran.

i. Unang Pangkat – 24 Oras
Paksa: Monopolyo sa Tabako
ii. Ikalawang Pangkat – *Rated* K o Kapuso mo, Jessica Soho/Magazine Show
Paksa: Encomienda
iii. Ikatlong Pangkat – *Travel Show*/ Biyahe ni Drew
Paksa: Reduccion
iv. Ikaapat na Pangkat – *Koreanovela*
Paksa: Polo y Servicio
v. Ikalimang Pangkat – *Shopping Show*
Paksa: Pagbubuwis

b. Bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral upang makapaghanda. Pagkatapos ay isa-isa silang tawagin upang ipakita ang kanilang presentasyon.

4. **Pangwakas na Gawain**

Iproseso ang presentasyong ginawa ng mga mag-aaral.

C. **Ikatlong Araw**

1. **Pagganyak**

Magpakita ng larawan ng isang barko. Ipatukoy sa mga mag-aaral kung anong papel ang ginampanan ng barko sa kasaysayan ng pamamahala ng mga

Espanyol sa Pilipinas. Mailalabas ang sumusunod na kasagutan.

a. Ginamit sa paglalayag kaya nakarating ang mga Espanyol sa Pilipinas
b. Ginamit bilang paraan upang maidala ang hukbo at iba pang tauhan na nagpatakbo sa bansa
c. Ginamit bilang paraan ng pakikipagkalakalan at pakikipagpalitan ng produkto.

2. **Talasalitaan**

Ipakilala sa mga mag-aaral ang konsepto ng **kalakalan**. Tanungin ang mga mag-aaral sa kanilang pang-unawa sa salita. Hingan sila ng halimbawa kung paano naganap ang pakikipagkalakalan noong panahon ng mga Espanyol at kung ang naranasan ba ng mga ito noon ay nakabuti o nakasama sa kanila.

3. **Panlinang na Gawain**

Hatiin ang klase sa limang pangkat at bigyan ang mga mag-aaral ng isang *cartolina* at mga panulat. Magpagawa sa bawat pangkat ng isang *organizer* na tumatalakay sa maganda at hindi magandang naidulot ng kalakalang galyon. Bigyan sila ng ilang minutong paghahanda. Pagkatapos ay ipabahagi sa bawat pangkat ang kanilang ginawang *organizer*.

4. **Pangwakas na Gawain**

Magsagawa ng *Popcorn Discussion* kung saan sasagutin ng mga mag-aaral ang sumusunod na tanong.

a. Unang Row – Ang kalakalang galyon ay isang uri ng patakaran na __________.
b. Ikalawang Row – Nakabuti ang kalakalang galyon dahil _________.
c. Ikatlong Row – Hindi nakabuti ang galyon dahil _________.
d. Ikaapat na Row – Ang higit na nakinabang sa galyon ay ________ dahil _________.

5. **Pagtataya**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang pagsasanay sa "Pagtataya" sa pp. 151–152. Pagkatapos ay isagawa ang pagwawasto ng tamang sagot.

6. **Takdang-aralin**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang "Gumawa Tayo!" sa p. 153. Iproseso ang mga sagot sa bahaging ito sa susunod na pagtatalakay.

## Mga Sagot sa Pagsasanay

**Maglaro Tayo!** (p. 140)

| | |
|---|---|
| Reduccion | Legazpi |
| Tributo | Prayle |
| Doctrina | Galleon |

**Alam mo ba?** (pp. 141–142)




Maaaring sagot sa Pahalang 3:
principalia o principales

**Pagtataya**

A. (p. 151)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | h | 6. | f |
| 2. | b | 7. | e |
| 3. | i | 8. | c |
| 4. | j | 9. | a |
| 5. | d | 10. | g |

## Aralin 4 – Ang Simbahan at Relasyon ng Kolonyalismo sa Pilipinas

I. **Layunin**

1. Naipaliliwanag ang papel na ginampanan ng simbahang Katoliko sa panahon ng kolonya ng Espanya sa Pilipinas;
2. Nakapagpapakita ng presentasyon kung saan natatalakay ang iba't ibang dahilan kung bakit ganoon na lamang ang naging impluwensiya ng relihiyon sa mga Pilipino sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol; at
3. Nauunawaan ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mabuting asal at may takot sa Diyos.

II. **Nilalaman**

A. **Paglalahat**

Napakahalaga ng papel na ginampanan ng mga prayle sa layunin ng Espanya noon na ebanghelisasyon upang mapalaganap ang Katolisismo sa bansa. Naging madali sa mga prayle na maimpluwensiyahan ang mga Pilipino dahil na rin sa pananalig sa Diyos na buhay na buhay sa mga Pilipino. Sa pamamagitan rin ng Kristiyanismo at mga misyonero ay nakapagpatayo ng mga paaralan na gumanap ng malaking papel sa edukasyon ng mga Pilipino.

B. **Paksang-aralin**

Ang Simbahan at Relasyon sa Kolonyalismo sa Pilipinas

C. **Sanggunian**

SIGLO 5 (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan), pp. 154–167

III. **Mga Gawain**

A. **Unang Araw**

1. **Pagganyak**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Maglaro Tayo!" sa pp. 154–155. Pagkatapos ay ibigay ang ilang mga prosesong tanong na makikita sa "Mag-isip Tayo!" sa p. 155. Ipasagot ito sa mga mag-aaral at tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga sagot.

2. **Talasalitaan**


Ipasagot sa mga mag-aaral ang pagsasanay sa "Alam mo ba?" sa p. 156. Talakayin ang kahulugan ng mga salitang natuklasan nila sa *crossword puzzle*. Magbigay ng ilang halimbawang sitwasyon upang pahapyaw na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga konsepto.

3. **Panlinang na Gawain**

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Pagawin ang mga mag-aaral ng 4–6 na saknong na tula na tumatalakay sa papel na ginampanan ng relihiyon sa pananakop sa Pilipino at kung paano ito nakaapekto sa bansa at kulturang Pilipino sa kabuuan. Ipatala ang kanilang likha sa isang cartolina at pagkatapos ay magtakda ng pangunahing tagabasa at tagaulat ng ginawang tula.

4. **Pangwakas na Gawain**

Ipapuno sa mga mag-aaral ang isang *symbolic organizer*. Itatala ng bawat mag-aaral ang papel ng relihiyon sa kolonyal na pananakop ng Espanya sa Pilipinas.




B. **Ikalawang Araw**

1. **Pagganyak**

Iproseso ang sagot ng mga mag-aaral sa kanilang takdang-aralin sa "Gumawa Tayo!" sa p. 153.

2. **Talasalitaan**

Isulat sa pisara ang salitang **Katolisismo**. Pagkatapos ay bigyan ng maliit na papel ang mga mag-aaral kung saan ay itatala nila ang kanilang saloobin ukol sa salitang nasa pisara. Isagawa ang *Gallery Walk* kung saan ay isa-isang ididikit ng mga mag-aaral ang kanilang mga sagot sa pisara. Pagkatapos ay bilugan ang mahahagalagang terminolohiya na matatagpuan mula sa mga sagot ng mga mag-aaral.

3. **Panlinang na Gawain**

a. Hatiin ang klase sa limang pangkat at ang bawat pangkat ay inaasahan na gumawa ng kani-kanilang *Top Ten List* kung saan sasagutan nila ang sumusunod na mga tanong.

i. Ano-ano ang sampung mabubuting epekto ng Katolisismo sa mga Pilipino noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol?
ii. Hindi nakabuti ang Katolisismo sa mga Pilipino noong panahon ng mga Espanyol dahil ____________.

b. Bigyan ng ilang minutong paghahanda ang mga mag-aaral at pagkatapos ay isa-isang ipaulat at ipabahagi sa mga ito ang kanilang mga sagot. Iproseso ang mga kasagutan ng bawat pangkat.

4. **Pangwakas na Gawain**

Magpanood ng isang *video* sa mga mag-aaral ukol sa epekto ng Katolisismo at pagpapalaganap nito sa Pilipinas noong panahon ng pamahalaang kolonyal ng Espanya sa Pilipinas. Sa isang papel ay ipasulat sa mga mag-aaral ang 10 bagay na kanilang nakuha mula sa *video* na kanilang napanood. Tumawag ng ilang mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga sagot.

5. **Takdang-aralin**

Magpadala sa mga mag-aaral ng pangkulay, 1/8 *illustration board*, at *pentel pen*.

C. **Ikatlong Araw**

1. **Pagganyak**

Magpanood sa mga mag-aaral ng isang *video* na nagpapakilala sa mga pangunahing prayleng tauhan ni Jose Rizal sa kanyang nobelang "Noli me Tangere." Ibuod ito sa pamamagitan ng paglalatag ng mga pangunahing katangian ng mga prayleng ito. Pagkatapos ay hingin ang opinyon ng mga mag-aaral tungkol sa kanilang kaalaman sa mga kaugalian at katangian ng mga prayle noon sa Pilipinas.

2. **Talasalitaan**

a. Ipakilala sa mga mag-aaral ang mga salitang tulad ng sumusunod:

i. prayle
ii. misyonero
iii. pulpito
iv. pagnonobena
v. sakramento
vi. misa

b. Itala sa pisara ang mga salita. Pagkatapos ay magpasulat sa mga mag-aaral ng isang salitang magbibigay kahulugan sa mga salitang isinulat. Iproseso ang sagot ng mga mag-aaral.

3. **Panlinang na Gawain**

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Sa pamamagitan ng isang *Facebook profile* ay ipakikita ng bawat pangkat ang pangunahing paglalarawan nila sa sumusunod:

a. Unang Pangkat – Mga Agustino
b. Ikalawang Pangkat – Mga Dominikano
c. Ikatlong Pangkat – Mga Pransiskano
d. Ikaapat na Pangkat – Mga Heswita
e. Ikalimang Pangkat – Mga Prayle sa Pilipinas

4. **Pangwakas na Gawain**

Magsagawa ng *move quiz* na may ilang katanungan na kinuha mula sa tatlong araw na aralin.

5. **Pagtataya**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang pagsasanay sa "Pagtataya" sa pp. 165–167. Iproseso ang mga tamang sagot.

6. **Takdang-aralin**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang gawain sa "Gumawa Tayo!" sa p. 167 at "Markahang Pagsasanay" sa pp. 170–174.

**Mga Sagot sa Pagsasanay**

**Maglaro Tayo!** (pp. 154–155)

| | |
|---|---|
| Simbahan | Prayle |
| Hari | Reyna |
| Espanya | Unibersidad |

**Alam mo ba?** (p. 156)



**Pagtataya**

A. (pp. 165–166)

1. Colegio de Santa Potenciana
2. Padre Miguel Ducos
3. Padre Pedro de Valderrama
4. Patronato Real
5. Prayle
6. Unibersidad ng Santo Tomas
7. Padre Francisco de San Antonio
8. Padre Manuel Blanco
9. Escuela Pia
10. Padre Pedro de Valderrama

B. (p. 166)

1. b
2. c
3. e
4. d
5. a

**Markahang Pagsasanay**

A. (pp. 170–173)

1. c
2. d
3. c
4. c
5. b
6. c
7. b
8. a
9. b
10. c
11. b
12. d
13. b
14. c
15. d
16. b
17. c
18. c
19. b
20. b

## IKATLONG MARKAHAN
## PAGBABAGONG KULTURAL SA PAMAHALAANG KOLONYAL NG MGA ESPANYOL

**Pangunahing Pang-unawa:**

Naipamamalas ang mapanuring pag-unawa sa mga pagbabago sa lipunan ng mga sinaunang Pilipino, kabilang ang pagpupunyagi ng ilang pangkat na mapanatili ang kalayaan sa kolonyalistang Espanyol at ang impluwensiya nito sa kasalukuyang panahon.

**Pangunahing Katanungan:**

Paano nakaapekto sa mga Pilipino ang matagal na pananakop ng mga Espanyol sa bansa? Paano nagbago ang lipunan at kulturang Pilipino sa kabuuan sa panahon ng mga Espanyol? Paano ipinaglaban ng mga Pilipino ang kanilang kinagisnang kultura at paniniwala? Paano nakaapekto ang mga Espanyol sa pagkakakilanlan ng mga Pilipino at sa pagkabansa ng Pilipinas sa kabuuan?

### Aralin 1 – Pagbabago sa Lipunan sa Ilalim ng Pamahalaang Kolonyal

I. **Layunin**

1. Naiisa-isa at napapalalim ang pagtalakay ukol sa mga lihim na dahilan ng kolonisasyon ng Espanya sa Pilipinas;
2. Nakabubuo ng presentasyon na nagpapaliwanag sa iba't ibang pagbabagong panlipunan sa panahon ng pananakop ng Espanya; at
3. Nauunawaan ang kahalagahan ng pagiging bukas sa mga pagbabago bilang paraan ng pagpapaunlad ng sarili at ng bansa sa kabuuan.

## II. Nilalaman

### A. Paglalahat

Ang mga Espanyol ay nagbahagi ng maraming pagbabago sa lipunang Pilipino mula sa pagsasaayos ng mga bayan at barangay pati na rin ng istrukturang panlipunan. Nakilala ang mga Pilipino bilang Indio at karamihan sa mga Pilipino ay yumakap na rin sa kulturang ibinahagi ng mga dayuhan. Unti-unting nagbago ang pagkakakilanlan ng mga Pilipino at ng bansa sa kabuuan.

### B. Paksang-aralin

Pagbabago sa Lipunan sa Ilalim ng Pamahalaang Kolonyal

### C. Sanggunian

SIGLO 5 (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan), pp. 176–196

## III. Mga Gawain

### A. Unang Araw

#### 1. Pagganyak

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Maglaro Tayo!" sa pp. 176–177. Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang

sagutan ito. Pagkatapos ay iproseso ang mga tumpak na kasagutan.

2. **Talasalitaan**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang “Alam mo ba?” sa pp. 178–179. Bigyan ng sapat na minuto ang mga mag-aaral upang sagutan ito. Dito ay makikilala nila ang iba’t ibang konsepto na maaaring matalakay sa aralin. Pagkatapos ay iproseso ang mga salitang ito upang magkaroon ng kagyat na pang-unawa ang mga mag-aaral.

3. **Panlinang na Gawain**

   a. Talakayin sa mga mag-aaral ang tula sa “Mag-isip Tayo!” sa pp. 177–178. Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang masagutan ang mga katanungan ukol dito. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga sagot.
   b. Hatiin ang klase sa limang pangkat bilang paghahanda sa susunod na gawain.

4. **Pangwakas na Gawain**

Bigyan ang bawat pangkat ng isang paksa na may kinalaman sa mga lihim sa likod ng kolonisasyon. Inaasahan na magpapakita ng malikhaing presentasyon ang mga mag-aaral upang matalakay ang konsepto ng sumusunod:

a. Unang Pangkat – Pakikipagkaibigan (*Morning Show format*)
b. Ikalawang Pangkat – Pagpapalitan ng Tradisyon (*Travel Show format*)
c. Ikatlong Pangkat – Alyansa at Kasunduan (*News format*)
d. Ikaapat na Pangkat – Referendum (*Magazine Show format*)
e. Ikalimang Pangkat – Pag-aaklas (*Simulation*)

B. **Ikalawang Araw**

1. **Pagganyak**

Magpanood ng *video* sa mga mag-aaral ukol sa kalagayan ng mga kababaihan noong panahon ng mga Espanyol. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano-ano ang mahahalagang konseptong nakuha nila sa *video* ukol sa kalagayan at katangian ng mga kababaihan noon. Iproseso ang sagot ng mga mag-aaral.

2. **Talasalitaan**

Sa pamamagitan ng isang *Venn diagram*, ipaliwanag ang mga salitang **mahirap** at **mayaman**. Ipasulat sa mga mag-aaral sa pisara kung paano nila ilalarawan ang mga salitang ito. Pagkatapos maitala ang kaibahan ay tukuyin kung ano naman ang pagkakapareho ng dalawang salita.

3. **Panlinang na Gawain**

a. Hatiin ang klase sa limang pangkat. Kailangang maipakita ng bawat pangkat ang katangian ng iba't ibang istrukturang panlipunan sa panahon ng mga Espanyol sa pamamagitan ng *character sketch*.
b. Pagkatapos ng presentasyon ay iproseso ang mahahalagang konsepto ukol sa istrukturang panlipunan sa panahon ng mga Espanyol at ang pagkakaiba ng bawat isang antas.

i. Peninsulares
ii. Insulares
iii. Spanish Mestizo
iv. Principalia
v. Chinese mestizo
vi. Indio

4. **Pangwakas na Gawain**

Ipakita ang larawan ng mga lumang bahay sa Vigan (Calle Crisologo), kung saan makikita ng mga mag-aaral ang itsura ng mga bahay noong panahon ng Espanyol. Magpakita pa ng iba't ibang uri ng panahanan noong panahon na iyon at kung ano-ano ang tawag sa mga bahagi ng bahay na hanggang sa kasalukuyan ay nagagamit pa rin natin.

5. **Takdang-aralin**

Magpasaliksik ng ilan sa mga salitang Kastila na madalas ginagamit noon ng mga Pilipino.

C. **Ikatlong Araw**

1. **Pagganyak**

Magpanood ng isang *film strip* na nagpapakita ng pananamit ng mga Pilipino na bunsod ng impluwensiya ng mga Espanyol. Ipatala sa mga mag-aaral ang kanilang mga obserbasyon tungkol sa kanilang napanood.

2. **Talasalitaan**

Isagawa ang larong dugtungan. Simulan ang bawat pangungusap at ipatuloy sa mga mag-aaral. Gamitin ang sumusunod na pahayag.

a. Ang ilustrados ay nagsusuot ng ______________________________.
b. Ang baro ay ________________________.
c. Ang mga Indio ay nagsusuot ng___________________.

**3. Panlinang na Gawain**

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Magpagawa sa mga mag-aaral ng isang

pagsasadula na gumagamit ng mga salitang gamit noong panahon ng Espanyol. Pagkatapos ay ipababahagi sa mga mag-aaral ang kahulugan ng mga salitang ito.

4. **Pangwakas na Gawain**

   Talakayin ang iba't ibang libangan na pinagkaabalahan ng mga Pilipino noong panahon ng Espanyol. Hingin ang sagot sa mga mag-aaral at palalimin ang mga ito upang mas maunawaan.

5. **Pagtataya**

   Ipasagot sa mga mag-aaral ang pagsasanay sa "Pagtataya" sa pp. 193–195.

6. **Takdang-aralin**

   Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Gumawa Tayo!" sa p. 196.

**Mga Sagot sa Pagsasanay**

**Maglaro Tayo!** (pp. 176–177)

Peninsulares
Principalia
bahag
saya
karera
sabong

**Alam mo ba?** (pp. 178–179)



**Pagtataya**

A. (pp. 193–194)

1. Gobernador Heneral Narciso Claveria – Fr. Juan de Plasencia
2. lalaki – babae
3. Unibersidad ng Santo Tomas – Colegio de Santa Potenciana
4. Tama
5. Padre Juan Plasencia – Gobernador Heneral Narciso Claveria
6. insulares – peninsulares
7. mestizo – insulares
8. Tama
9. lugar pasyalan – lugar dasalan
10. corregimiento – pueblo

## Aralin 2 – Pagbabagong Politikal sa Panahon ng Pamahalaang Kolonyal ng Espanya

### I. Layunin

1. Naipaliliwanag ang iba't ibang mga gampanin ng mga bumubuo sa pamahalang sentral at lokal ng Espanya sa Pilipinas;
2. Nakagagawa ng presentasyon na nagpapakita ng kalagayang pampolitikal sa bansa sa panahon ng pamahalaang kolonyal ng Espanya; at
3. Napahahalagahan ang pagiging tapat sa tungkulin.

### II. Nilalaman

#### A. Paglalahat

Ang Pilipinas sa ilalim ng pamahalaang kolonyal ng Espanya ay nabago ng sistemang pampolitika na itinatag ng mga Espanyol sa ating bansa. Ang Pilipinas ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng hari at ang mga batas at dikreto na ipinalalabas ay ipinatutupad ng gobernador heneral na itinalaga sa ating bansa. May mga katuwang na pinuno ng bansa na mula sa mataas na uri ng lipunan ang tumutulong sa gobernador heneral sa pagpapatupad ng mga alituntunin para sa mamamayan. Hindi lamang ang lipunan ang nabago noong panahon na iyon kundi pati ang pamumuno at pamamahala sa bansa sa kabuuan.

B. **Paksang-aralin**

Pagbabagong Politikal sa Panahon ng Pamahalaang Kolonyal ng Espanya

C. **Sanggunian**

SIGLO 5 (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan), pp. 197–210

III. **Mga Gawain**

A. **Unang Araw**

1. **Pagganyak**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Maglaro Tayo!" at "Mag-isip Tayo!" sa pp. 197–199. Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang sagutan ito at isagawa ang pagtutumpak.

2. **Talasalitaan**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Alam mo ba?" sa pp. 199–200, kung saan makikilala ng mga mag-aaral ang mahahalagang konseptong matatalakay sa araling ito. Magbigay ng kahulugan at halimbawa upang maunawaan ang mga ito ng mga mag-aaral.

3. **Panlinang na Gawain**

Hatiin ang klase sa apat na pangkat na kung saan ay matatalakay ang naging impluwensiya ng mga misyonero at mga prayle sa sistemang politikal sa bansa. Ipapakita nila ang mahahalagang pang-unawa sa paksa sa pamamagitan ng sumusunod na paraan.

a. Unang Pangkat – Likhang Awit
b. Ikalawang Pangkat – Tula
c. Ikatlong Pangkat – Talumpati
d. Ikaapat na Pangkat – *Speech Choir*

4. **Pangwakas na Gawain**

Ipabasa sa mga mag-aaral ang sanaysay na may pinamagatang "Puno… Pinuno" sa p. 198. Tanungin ang mga mag-aaral kung paano nila naunawaan ang sanaysay at kung ano ang mga mensaheng nais ipaabot nito. Ipatala sa pisara ang mga sagot ng mga mag-aaral. Pagkatapos ay iproseso ang mga kasagutan ng mga mag-aaral.

B. **Ikalawang Araw**

1. **Pagganyak**

Magpanood ng bahagi ng pelikulang "Jose Rizal" kung saan ay naipakikita

ang uri ng pamahalaan noong panahon ng Espanyol. Mula sa mga napanood ng mga mag-aaral ay ipatala sa pisara ang kanilang obserbasyon ukol sa mga pinuno noon. Iproseso ang magiging sagot ng mga mag-aaral.

2. **Talasalitaan**

Magpakita ng isang tsart na nagpapakilala ng iba't ibang mahahalagang termino tulad ng sumusunod:

a. Hari
b. *Council of Indies*
c. *Residencia*
d. *Visita*
e. *Royal Audiencia*
f. Gobernador
g. *Ayuntamiento*
h. *Alcaldias*
i. *Pueblo*
j. Barangay

3. **Panlinang na Gawain**

Talakayin ang sistemang politikal sa panahon ng mga Espanyol sa pamamagitan ng pagpapaliwanag sa papel ng bawat bumubuo sa pamahalaang sentral at lokal. Hayaan ang mga mag-aaral na ibahagi ang sagot ukol sa mga gampanin ng mga pinuno noon.

4. **Pangwakas na Gawain**

Maghanda ng isang maliit na kahon na naglalaman ng mga termino na natalakay. Tumawag ng ilang mag-aaral na bubunot sa kahon ng isang termino at ipaliliwanag ang kanilang kaalaman ukol sa salitang nabunot.

5. **Takdang-aralin**

Ipagawa ang pagsasanay sa "Gumawa Tayo!" sa p. 210.

C. **Ikatlong Araw**

1. **Pagganyak**

Ibapahagi sa mag-aaral ang kanilang ginawa sa pagsasanay na "Gumawa Tayo!" sa p. 210.

2. **Talasalitaan**

Talakayin sa mga mag-aaral ang kahulugan ng **barangay**. Tanungin ang mga mag-aaral kung paano nagkaiba ang sistema ng barangay noong panahon ng mga sinaunang Pilipino sa panahon ng pagdating ng mga Espanyol. Iproseso ang sagot ng mga mag-aaral.

3. **Panlinang na Gawain**

   a. Hatiin ang klase sa limang pangkat kung saan ay ipakikita ng mga mag-aaral ang kaibahan ng sistemang politikal noon sa sistemang pampolitika noong panahon ng pamahalaang kolonyal. Ipagawa ito sa pamamagitan ng isang patalastas. Bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral upang makapaghanda. Pagkatapos ay isa-isang ipakikita ng bawat pangkat ang kanilang presentasyon.
   b. Ibuod ang presentasyon sa pamamagitan ng pagpapaliwanag sa talaan na nasa pp. 205–206.

4. **Pangwakas na Gawain**

   Tanungin ang mga mag-aaral kung ano sa palagay nila ang pinakamahalagang kaugalian na dapat taglayin ng isang pinuno, ayon na rin sa naranasan ng mga Pilipino sa politiko noon at ngayon. Iproseso ang katapatan bilang mahalagang kaugalian na dapat taglayin ng bawat pinuno upang makapaglingkod ng tama at nararapat para sa mga mamamayan at sa bansa sa kabuuan.

5. **Pagtataya**


   Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Pagtataya" sa pp. 207–209.

## Mga Sagot sa Pagsasanay

**Maglaro Tayo!** (p. 197)

1. Alcalde
2. Gobernador
3. Heneral
4. Cabeza
5. Hari
6. Reyna
7. Corregidor
8. Prayle
9. Kapitan
10. Obispo

**Alam mo ba?** (pp. 199–200)




**Pagtataya**

A. (pp. 207–208)

1. Royal Audiencia
2. Ayuntamiento
3. cabeza
4. gobernadorcillo
5. Council of Indies
6. visitador
7. residencia
8. Corregidor
9. alcalde mayor
10. prayle

## Aralin 3 – Pagbabagong Pang-ekonomiya sa Panahon ng Pananakop ng mga Espanyol sa Pilipinas

### I. Layunin

1. Naipaliliwanag ang iba't ibang patakarang pang-ekonomiya na naipatupad sa Pilipinas noong panahon ng mga Espanyol;
2. Nakabubuo ng *Facebook posts* ukol sa saloobin ng mga Pilipino sa iba't ibang patakarang pang-ekonomiyang naipatupad sa bansa; at
3. Nauunawaan ang kahalagahan ng kasipagan at pagiging matapang upang maging matagumpay sa pakikipagkalakalan.

### II. Nilalaman

#### A. Paglalahat

Ang mga Espanyol ay nagpatupad ng maraming polisiya at patakarang pang-ekonomiya sa bansa na labis na nagpahirap sa mga Pilipino, mula sa paniningil ng buwis hanggang sa sapilitang pagtatrabaho. Sa kabila nito ay nagbukas ang maraming oportunidad sa ekonomiya ng bansa tulad ng kalakalang galyon, sistema at kaalaman sa pagnenegosyo at agrikultura, at pagtatayo ng mga institusyong pinansiyal.

B. **Paksa**

Pagbabagong Pang-ekonomiya sa Panahon ng Pananakop ng mga Espanyol sa Pilipinas

C. **Sanggunian**

SIGLO 5 (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan), pp. 211–222

III. **Mga Gawain**

A. **Unang Araw**

1. **Pagganyak**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Maglaro Tayo!" at "Mag-isip Tayo!" sa pp. 211–212. Tumawag ng ilang mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot.

2. **Talasalitaan**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Alam mo ba?" sa pp. 212–213. Iproseso ang mga salitang makikita rito sa pamamagitan ng pagbibigay ng kahulugan at mga halimbawa upang maunawaan ng mga mag-aaral.

3. **Panlinang na Gawain**

Ipakilala ang konsepto ng piyudalismo na nagsimula sa Europa sa pamamagitan

ng maikling *video* ukol dito. Pagkatapos ay hingin ang opinyon ng mga mag-aaral ukol sa konsepto. Iugnay ang konsepto ng piyudalismo sa paksa ukol sa *encomienda*. Talakayin ang sistemang ito sa Pilipinas at kung paano ito naipatupad sa Pilipinas.

4. **Pangwakas na Gawain**

Atasan ang mga mag-aaral na maglista ng "PINAKA". Pagawin sila ng Top 5 na epekto ng *encomienda* sa mga Pilipino. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga sagot.

B. **Ikalawang Araw**

1. **Pagganyak**

Magpanood sa mga mag-aaral ng *video* na nagpapakita ng kasalukuyang kalagayan ng ekonomiya ng Pilipinas. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano-ano ang mga nakuha nila sa *video*. Gawing batayan ang sumusunod:

a. Paano nakikipagkalakal ang mga Pilipino sa panahon ng Espanyol?
b. Paano mailalarawan ang ekonomiya ng Pilipinas sa panahon ng Espanyol?

2. **Talasalitaan**

Magpakita ng mga salita sa mga mag-aaral at tanungin ang mga ito kung paano

nila ito bibigyan ng kahulugan. Gamitin ang sumusunod na salita.

a. buwis
b. monopolyo
c. kita
d. galyon
e. institusyong pinansiyal

3. **Panlinang na Gawain**

Magbigay ng panimulang pagtalakay ukol sa iba't ibang mga patakarang pang-ekonomiya ng mga Espanyol sa Pilipinas. Pagkatapos ay hatiin ang klase sa anim na pangkat kung saan ay gagawa sila ng *Facebook posts* ukol sa sumusunod na mga patakaran.

a. Unang Pangkat – Pangongolekta ng buwis
b. Ikalawang Pangkat – Pagkontrol ng produkto
c. Ikatlong Pangkat – Monopolyo sa produkto
d. Ikaapat na Pangkat – Kita mula Mexico
e. Ikalimang Pangkat – Kalakalang Galyon
f. Ikaanim na Pangkat – Pagtatayo ng Institusyong Pinansiyal

4. **Pangwakas na Gawain**

Ibuod ang tinalakay ng mga mag-aaral ukol sa iba't ibang mga patakarang pang-

ekonomiya sa bansa noong panahon ng mga Espanyol.

5. **Takdang-aralin**

Ipasagot ang "Gumawa Tayo!" sa p. 222 at ibabahagi ito sa susunod na talakayan.

C. **Ikatlong Araw**

1. **Pagganyak**

Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang takda.

2. **Talasalitaan**

Ipakilala sa mga mag-aaral ang salitang **polo** at **serbisyo**. Ipaugnay sa kanila ang dalawang salitang ito sa pamamagitan ng isang pangungusap. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang nabuong pangungusap.

3. **Panlinang na Gawain**

Magsagawa ng talakayan sa *polo y servicio* kung saan ay sapilitang pumasok sa paggawa ang maraming mga Pilipino. Pagkatapos ay hatiin ang klase sa limang pangkat. Magpagawa sa bawat pangkat ng isang pabalitang presentasyon kung saan tatalakayin nila ang mga suliraning

naranasan ng mga Pilipino sa panahon ng sapilitang paggawa.

4. **Pangwakas na Gawain**

Magpanood ng *video* ukol sa katangian na dapat taglayin ng isang negosyante upang magtagumpay. Pagkatapos ay iproseso ang kasagutan ng mga mag-aaral.

5. **Pagtataya**

Ipasagot ang gawain sa "Pagtataya" sa pp. 219–221.

**Mga Sagot sa Pagsasanay**

**Maglaro Tayo!** (p. 211)

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| B | Q | Y | A | S | D | F | G | H | J | K | L | M | N |
| E | A | M | Q | A | D | N | E | I | M | O | C | N | E |
| T | S | N | E | R | T | Y | U | O | P | L | K | J | H |
| S | O | I | C | I | V | R | E | S | Y | O | L | O | P |
| A | D | B | A | S | F | D | I | F | G | H | J | K | L |
| F | F | A | L | A | D | N | A | B | Z | X | C | V | N |
| K | G | V | L | M | Q | O | W | E | U | R | T | Y | U |
| L | B | L | A | S | D | Y | F | G | A | T | N | I | V |
| C | A | D | K | O | Y | L | O | P | O | N | O | M | L |
| D | X | E | Z | X | C | A | V | B | N | M | K | L | U |
| J | C | S | F | G | H | G | B | A | L | U | D | E | S |
| M | V | Z | O | D | A | U | T | I | S | L | A | E | R |

**Alam mo ba**? (pp. 212–213)

1. tributo
2. prediales
3. vinta
4. falla
5. sedula

**Pagtataya**

A. (pp. 219–220)

1. samboangan
2. *tithe*
3. Gob. Jose Basco y Vargas
4. Gob. Hen. Hurtado de Corcuera
5. *polo y servicio*
6. *crown encomienda*
7. Acapulco-Mexico
8. *encomienda*
9. Sociedad Economica de los Amigos del Pais
10. Bangko Espanol Filipino

## Aralin 4 – Resulta ng Kolonyalismo sa Pagkakakilanlan ng mga Pilipino

I. **Layunin**

1. Naiisa-isa ang iba't ibang mga pagbabago sa pagkakakilanlan ng mga Pilipino resulta ng impluwensiya ng mga Espanyol;
2. Nasusuri sa pamamagitan ng debate ang kaibahan ng edukasyon noon sa kasalukuyan; at
3. Napahahalagahan ang edukasyon bilang daan sa pagtatagumpay ng isang tao.

II. **Nilalaman**

A. **Paglalahat**

Maituturing na mahalagang gampanin ng pamahalaang Espanyol sa Pilipinas noon ang pagpapalaganap ng kristiyanismo, ngunit hindi lamang ito ang naging impluwensiya nila sa bansa at sa mga Pilipino. Nagkaroon ng pagbabago sa pagkakakilanlan ng mga Pilipino mula sa pananalita, pananamit, at sa iba pang kulturang Pilipino.

B. **Paksang-aralin**

Resulta ng Kolonyalismo sa Pagkakakilanlan ng mga Pilipino

C. **Sanggunian**

SIGLO 5 (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan), pp. 223–235

II. **Mga Gawain**

A. **Unang Araw**

1. **Pagganyak**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Maglaro Tayo!" at "Mag-isip Tayo!" sa pp. 223–225. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot.

2. **Talasalitaan**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Alam mo ba?" sa p. 226. Pagkatapos ay ipaliwanag sa mga mag-aaral ang mga terminolohiyang may kinalaman sa paksa.

3. **Panlinang na Gawain**

Bigyan ng puting *cartolina* ang mga mag-aaral. Mula sa sanaysay sa "Mag-isip Tayo!" sa pp. 224–225, magpagawa ng *editorial cartoon* sa bawat pangkat na magbubuod ng kanilang natutuhan sa sanaysay. Bigyan ng sapat na oras ang bawat pangkat. Pagkatapos ay isa-isang ipakikita at ipaliliwanag ng mga mag-aaral ang kanilang likha.

4. **Pangwakas na Gawain**

Magpagawa ng isang akrostik sa bawat mag-aaral gamit ang salitang **Pilipino**

**Ako**. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbahagi ng kanilang mga sagot.

B. **Ikalawang Araw**

1. **Pagganyak**

a. Magpalaro ng *picture puzzle* kung saan ay pahuhulaan sa mga mag-aaral ang iba't ibang larawan. Maaaring gamitin ang sumusunod:

i. Unibersidad ng Santo Tomas
ii. Ateneo de Manila University
iii. Dominikano
iv. Carlos Maria dela Torre

b. Magbigay ng ilang *clue* upang mahulaan ng mga mag-aaral ang nakagulong *puzzle* ng mga larawang ibinigay.

2. **Talasalitaan**

Magsagawa ng dugtungan. Sa pamamagitan nito ay ipaliliwanag ng mga mag-aaral ang kahulugan ng sumusunod na salita.

a. Ang edukasyon ay ________________.
b. Ang edukasyon ay parang isang ________________ dahil ________________.

3. **Panlinang na Gawain**

Hatiin ang klase sa anim na pangkat. Magpagawa sa mga mag-aaral ng isang simulasyon sa pamamagitan ng pagsasatao, ang iba't ibang pagbabago sa Pilipino na resulta ng kolonyalismo.

a. Una at Ikalawang Pangkat – Pagbabago sa Edukasyon
b. Ikatlo at Ikaapat na Pangkat – Pagbabago sa Relihiyon
c. Ikalima at Ikaanim na Pangkat – Pagbabago sa Pang-araw-araw na Pamumuhay

4. **Pangwakas na Gawain**

Mula sa ipinakitang presentasyon ng pangkat ay kunin ang mahahalagang impormasyon at ibuod ito upang kanilang maunawaan at matandaan.

5. **Takdang-aralin**

Ipagawa ang pagsasanay sa "Gumawa Tayo!" sa p. 235. Iproseso ito sa mga mag-aaral sa susunod na pagtalakay.

C. **Ikatlong Araw**

1. **Pagganyak**

Ipagawa ang *Think-Pair-Share* kung saan ay ibabahagi ng mga mag-aaral sa

kanyang kapareha ang kanyang takda. Pagkatapos ng pagpapalitan ng paliwanag sa mga kapareha ay tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga napag-usapan ukol sa ginawang takda. Iproseso ang ilang mahahalagang maibabahagi ng mga mag-aaral upang mapalalim ang nakaraang paksa.

2. **Talasalitaan**

Isagawa ang *Give Me Five*. Inaasahan ang bawat mag-aaral na magbigay ng limang salita na maiuugnay nila sa salitang **edukasyon**. Pagkatapos ay isa-isang tumawag ng mag-aaral upang ibigay ang isang salita mula sa kanilang listahan. Hindi maaaring ulitin ng mag-aaral ang salita kung ito ay nabanggit na ng ibang kamag-aral. Piliin ang mahahalagang salita na naibahagi ng mga mag-aaral upang maibuod ang konsepto ng edukasyon.

3. **Panlinang na Gawain**

a. Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Magkaroon ng debate ukol sa sumusunod na paksa.

i. Higit na epektibo ang sistema ng edukasyon noon kaysa sa kasalukuyan

ii. Mas maganda ang pamantayan ng mga paaralan noon kaysa sa kasalukuyan

b. Bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral upang makapaghanda.

4. **Pangwakas na Gawain**

Iproseso ang mahahalagang argumento na maibibigay ng bawat pangkat.

5. **Pagtataya**

Ipasagot ang pagsasanay sa "Pagtataya" sa pp. 233–234. Pagkatapos ay isagawa ang pagtatama.

**Mga Sagot sa Pagsasanay**

**Maglaro Tayo!** (pp. 223–234)

1. Doctrina
2. Dominicans
3. Jesuits
4. Anito
5. Kolehiyo
6. Moret decree
7. Ateneo
8. Santo Tomas
9. Dela torre
10. Santa Isabel

**Alam mo ba?** (p. 226)




**Pagtataya**

A. (p. 233)

1. d
2. c
3. f
4. e
5. h
6. b
7. a
8. g
9. i
10. j

## Aralin 5 – Pagpapanatili ng Kapayapaan ng mga Katutubong Pangkat

### I. Layunin

1. Natatalakay ang iba't ibang dahilan at paraan kung paano napanatili ng mga katutubong pangkat ang kanilang kultura sa kabila ng kolonisasyon;
2. Nakagagawa ng *character sketch* ukol sa mahahalagang tauhan ng digmaang Moro at ni Sultan Kudarat; at
3. Nauunawaan ng mga mag-aaral kung bakit kailangang mapanatili ng isang tao ang kanyang pagkakakilanlan sa kabila ng impluwensiya ng mga dayuhan.

### II. Nilalaman

#### A. Paglalahat

Ang mga Igorot at ang mga Moro ay ilan lamang sa mga katutubo na nagpakita ng kanilang hangarin na maging malayo sa pananakop ng mga dayuhan. Naging matagumpay ang mga ito na panatilihin ang kanilang kultura, tradisyon, at relihiyon sa pamamagitan ng pakikipaglaban sa mga dayuhang mananakop.

#### B. Paksa

Pagpapanatili ng Kapayapaan ng mga Katutubong Pangkat

C. **Sanggunian**

SIGLO 5 (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan), pp. 236–249

III. **Mga Gawain**

A. **Unang Araw**

1. **Pagganyak**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang gawain sa “Maglaro Tayo!” sa p. 236. Bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral na sagutan ito at pagkatapos ay ipabahagi sa ilang mag-aaral ang kanilang mga kasagutan.

2. **Talasalitaan**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang “Mag-isip Tayo!” sa p. 237.

3. **Panlinang na Gawain**

Magpanood ng *video* na tumatalakay sa mga Igorot. Pagkatapos ay hingin ang opinyon ng mga mag-aaral kung paano nila mailalarawan ang katangian ng pangkat na ito. Pagkatapos ay talakayin kung paano napanatili ng mga Igorot ang kanilang kultura sa pamamagitan ng pagtalakay sa mahahalagang mga pangyayari na naibahagi sa aklat.

4. **Pangwakas na Gawain**

Tanungin ang mga mag-aaral kung anong pinakapangunahing katangian ng mga Igorot ang kanilang dapat pamarisan bilang Pilipino.

B. **Ikalawang Araw**

1. **Pagganyak**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Natuklasan mo na ba?" sa pp. 239–240. Tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi ng kanilang mga sagot.

2. **Talasalitaan**

Itala sa pisara ang salitang **Moro**. Pagkatapos ay hingan ang mga mag-aaral ng salita na maiuugnay nila sa mga Moro.

3. **Panlinang na Gawain**

Talakayin sa mga mag-aaral ang iba't ibang dahilan kung bakit nagkaroon ng digmaang Moro. Hatiin ang klase sa limang pangkat. Atasan sila na talakayin ang paksa ukol sa Digmaang Moro. Gamitin ang *character sketch* bilang paraan ng presentasyon upang matalakay ang mahahalagang pangyayari.

4. **Pangwakas na Gawain**

Magpagawa ng *one-minute essay* sa mga mag-aaral kung saan itatala nila ang mahalagang natutuhan nila at kung bakit dapat hangaan ang mga katutubong pangkat sa Pilipinas. Tumawag ng ilang mag-aaral upang ibahagi ang kanilang sagot.

C. **Ikatlong Araw**

1. **Pagganyak**

Magpakita ng isang *video* na naipakikilala ang Sultan Kudarat. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang masasabi nila sa lugar na ito base sa kanilang napanood.

2. **Talasalitaan**

Isagawa ang larong *text twist* gamit ang salitang **Sultan Kudarat**. Magpabuo sa mga mag-aaral ng mga salita. Pagkatapos ay ipabahagi sa kanila ang mga ito sa kanilang kaklase.

3. **Panlinang na Gawain**

Sa pamamagitan ng format na *magazine show* tulad ng "Rated K" o "Kapuso mo, Jessica Soho," ipalarawan sa klase ang kabayanihan ni Sultan Kudarat.

4. **Pangwakas na Gawain**

   Magpagawa sa bawat mag-aaral ng panata bilang tugon sa sumusunod na hamon: "Paano mo patutunayan na mahal mo ang iyong bansa?"

5. **Pagtataya**

   Pasagutan sa mga mag-aaral ang pagsasanay sa "Pagtataya" sa pp. 246–248.

6. **Takdang-aralin**

   Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Gumawa Tayo!" sa p. 249 at "Markahang Pagsasanay" sa pp. 254–258.

**Mga Sagot sa Pagsasanay**

**Maglaro Tayo!** (pp. 236–237)

1. Moro
2. Jihad
3. Islam
4. Davao
5. Sultan Kudarat

**Pagtataya**

A. (pp. 246–247)

   1. Igorot
   2. Caraballo Sur

3. Tinggian
4. Esteban Marin
5. Francisco de Tello de Guzman
6. Mohammed
7. Miguel Lopez de Legaspi
8. Esteban de Figueroa
9. Sultan Panguian
10. Sultan Silongan

B. (pp. 247–248)

1. Sultan Silongan
2. Sarangani
3. Sultan Kudarat
4. dipatnan
5. qudarat
6. Sultan Kudarat
7. Zamboanga
8. Nsir ud-Din
9. Allah
10. jihad

**Markahang Pagsasanay**

A. (pp. 254–256)

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. | c | 8. | a | 15. | d |
| 2. | b | 9. | b | 16. | d |
| 3. | c | 10. | b | 17. | b |
| 4. | c | 11. | c | 18. | d |
| 5. | a | 12. | c | 19. | b |
| 6. | d | 13. | b | 20. | c |
| 7. | d | 14. | a | | |

## IKAAPAT NA MARKAHAN
## MGA PAGBABAGO SA KOLONYA
## AT PAG-USBONG NG PAKIKIBAKA NG BAYAN

**Pangunahing Pang-unawa:**

Naipamamalas ang mapanuring pag-unawa sa bahaging ginampanan ng kolonyalismong Espanyol at pandaigdigang konteksto ng reporma sa pag-usbong ng kamalayang pambansa tungo sa pagkabuo ng Pilipinas bilang isang nasyon.

**Pangunahing Katanungan:**

Bakit mahalagang maunawaan ang mga naging dahilan ng pag-usbong ng malayang kaisipan? Paano nakatulong ang kamalayan at kamulatan sa mga Pilipino? Paano nabago ng pandaigdigang kaisipan ang kalagayan ng pananakop ng Espanya sa Pilipinas?

### Aralin 1 – Lokal na Pangyayari tungo sa Pag-usbong ng Pakikibaka ng Bayan

I. **Layunin**

1. Naipaliliwanag ang iba't ibang paraan ng pagpasok ng kita sa bansa sa panahon ng pamahalaang kolonyal ng Espanya;
2. Nakagagawa ng *picture timeline* kung saan natatalakay ng mga mag-aaral ang naganap na okupasyon ng mga Ingles sa Maynila noong kolonyalismong Espanya; at
3. Napahahalagahan ang pagtanggap sa mga pagbabago na dumarating sa buhay ng bawat tao.

## II. Nilalaman

### A. Paglalahat

Ang mga sumunod na taon ng pamumuno ng mga Espanyol sa Pilipinas ay sumasalamin sa iba't ibang mga pagbabago na ipinatupad nila sa bansa. Ang mga repormang ito ay higit na pumabor sa mga Espanyol at nagpahirap sa mga Pilipino at maging sa ilang mga dayuhan sa bansa tulad ng mga Intsik. Bunsod nito, ilang mga naunang pag-aalsa na ang nangyari sa Pilipinas partikular sa Maynila na siyang sentro ng kalakalan noon. Ang pagbubukas din ng Maynila ay naging daan sa pagpasok ng iba't ibang mga bansang nais makipagkalakal kasama ang Amerika, Japan, Britanya, at Holland.

### B. Paksang-aralin

Lokal na Pangyayari Tungo sa Pag-usbong ng Pakikibaka ng Bayan

### C. Sanggunian

SIGLO 5 (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan), pp. 260–275

## III. Mga Gawain

### A. Unang Araw

#### 1. Pagganyak

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Maglaro Tayo!" at "Mag-isip Tayo!"

sa pp. 260–262. Pagkatapos ay tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi ng kanilang sagot.

2. **Talasalitaan**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang “Alam mo ba?” sa p. 263. Iproseso ang mga salitang nakita sa *puzzle* upang maunawaan ng mga mag-aaral ang kahulugan ng mga salitang ito at kung paano ito magagamit sa aralin.

3. **Panlinang na Gawain**

a. Magpakita ng ilang salita sa mga mag-aaral tulad ng sumusunod:

i. buwis
ii. tributo
iii. falla
iv. vinta
v. polo

Pagkatapos ay tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang natandaan nila sa mga terminolohiyang ito.

b. Hatiin ang klase sa limang pangkat. Magpagawa ng *graphic organizer* kung saan ay ibubuod nila kung paano nakatulong sa ekonomiya ng bansa ang sumusunod:

i. Unang Pangkat – Kalakalang Galyon
ii. Ikalawang Pangkat – Pag-usbong ng mga Bangko
iii. Ikatlong Pangkat – Pagbukas ng mga Alcaicera
iv. Ikaapat na Pangkat – Monopolyo sa Tabako
v. Ikalimang Pangkat – Pag-unlad ng Iba Pang Industriya

4. **Pangwakas na Gawain**

Sa pamamagitan ng larong *Tic-Tac-Toe* ay bigyan ng tanong ang mga mag-aaral ukol sa tinalakay at ang unang pangkat na makakabuo ng *Tic-Tac-Toe* ay mabibigyan ng karagdagang puntos ng guro.

B. **Ikalawang Araw**

1. **Pagganyak**

Magpakita ng isang *editorial cartoon* sa mga mag-aaral na tumatalakay sa paghingi ng kamulatan mula sa mga Pilipino. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang opinyon ukol sa nakita nilang larawan.

2. **Talasalitaan**

Isagawa ang larong *Text Twist*. Gamitin ang salitang **kamulatan**. Magpabuo ng

mga salita na maiuugnay sa paksang tinatalakay. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot sa klase.

3. **Panlinang na Gawain**

Magpagawa ng *picture timeline* na tumatalakay sa okupasyon ng mga Ingles sa Maynila. Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang ihanda ang kanilang *timeline* at pagkatapos ay ipakikita nila ito sa kanilang kapwa mag-aaral. Iproseso ang mahahalagang datos na naibahagi ng mga mag-aaral upang maibuod ang mga konsepto ukol sa okupasyon ng mga Ingles sa Maynila.

4. **Pangwakas na Gawain**

Magpagawa sa bawat mag-aaral ng isang *symbolic organizer* kung saan maiuugnay nila ang simbolong ito sa ibinigay na epekto ng okupasyon ng mga Ingles sa mga Pilipino.

5. **Takdang-aralin**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang "Gumawa Tayo!" sa p. 275. Pagkatapos ay hayaang ipakita ng mga mag-aaral kanilang ginawa sa susunod na pagtalakay.

C. **Ikatlong Araw**

1. **Pagganyak**

Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang takdang tula. Iproseso ang ilang mahahalagang bahagi ng mga tula na nabanggit ng mga mag-aaral.

2. **Talasalitaan**

Hatiin ang klase sa pangkat. Magpagawa ng isang *mini dictionary* na naglalaman ng mga salitang kanilang natutuhan ukol sa pananakop ng mga Espanyol at sa impluwensiya nila sa bansa. Palagyan ito ng kahulugan at pagkatapos ay ipabahagi sa klase ang ginawa ng bawat pangkat.

3. **Panlinang na Gawain**

Talakayin ang kalagayan ng mga Intsik sa Pilipinas sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol. Ipaliwanag ang mga rebelyong ginawa ng mga ito upang hindi mapasailalim sa kapangyarihan ng mga Espanyol.

4. **Pangwakas na Gawain**

Sa loob ng isang pangungusap ay humingi ng buod sa mga mag-aaral ukol sa tinalakay na aralin.

5. **Pagtataya**


Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Pagtataya" sa pp. 272–274.

## Mga Sagot sa Pagsasanay

**Maglaro Tayo!** (pp. 260–261)

Basco
Tabako
Mekong
Barter
Carlos

**Alam mo ba?** (p. 263)




## Pagtataya

A. (pp. 272–273)

1. Pangasinan – Maynila
2. Limahong – Koxinga

3. Hapones – Intsik
4. Gobernador Heneral Sebastian Hurtado – Gob. Hen. Jose Basco
5. Tama
6. Tama
7. Tabalanta – Tabacalera
8. 1780 – 1782
9. Tama
10. Tama

## Aralin 2 – Pag-aalsa ng mga Pilipino Laban sa mga Espanyol

### I. Layunin

1. Naipaliliwanag ang iba't ibang pandaigdigang pangyayari na naging dahilan ng paggising ng kamalayan ng mga Pilipino;
2. Natatalakay sa pamamagitan ng iba't ibang presentasyon ang iba't ibang pag-aaklas na isinagawa ng mga Pilipino laban sa mga Espanyol; at
3. Napahahalagahan ang pagiging matapat sa bayan sa pamamagitan ng pakikipaglaban para sa kalayaan nito.

### II. Nilalaman

#### A. Paglalahat

Maraming taon din ang inilagi ng mga Espanyol sa Pilipinas. Ang ilang taon ng pakikipagkaibigan ay napalitan ng mas maraming taon ng pagkontrol, pananakop, at pagmamalabis sa mga mamamayan lalo sa mga Indio. Ang hindi patas na lipunan, pagmamalupit, at pag-aabuso sa mga patakaran at kapangyarihan ay labis na nagpagalit sa mga Pilipino kaya naging sunod-sunod ang mga rebelyon laban sa mga Espanyol. May ilang panalo ang mga Pilipino at marami ang naging pagkatalo. Ang mas masakit ay madalas kapwa Pilipino ang naging dahilan ng pagkabigo ng maraming mga rebelyon laban sa mga Espanyol.

B. **Paksa**

Pag-aalsa ng mga Pilipino Laban sa mga Espanyol

C. **Sanggunian**

SIGLO 5 (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan), pp. 276–302

III. **Mga Gawain**

A. **Unang Araw**

1. **Pagganyak**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Maglaro Tayo!" at "Mag-isip Tayo!" sa pp. 276–279.

2. **Talasalitaan**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Alam mo ba?" sa p. 280 kung saan makikilala ng mga mag-aaral ang mahahalagang terminolohiya na matatalakay sa aralin.

3. **Panlinang na Gawain**

Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Sa pamamagitan ng iba't ibang malikhaing presentasyon ay ipaliliwanag ng tatlong pangkat ang sumusunod na pandaigdigang

pangyayari na naging dahilan ng paggising ng kalamayang Pilipino.

a. Unang Pangkat – *Magazine Show*
   Paksa: Pagbubukas ng Pilipinas sa Pandaigdigang Kalakalan
b. Ikalawang Pangkat – *Talk Show/Fast Talk*
   Paksa: Pag-usbong ng Gitnang Uri ng mga Tao
c. Ikatlong Pangkat – Pagsasatao
   Paksa: Hindi Pantay na Oportunidad Para sa mga Pilipino

4. **Pangwakas na Gawain**

Ipabuod sa mga mag-aaral ang talakayan na nangyari.

B. **Ikalawang Araw**

1. **Pagganyak**

Magsagawa ng larong *Fast Talk* sa mga mag-aaral. Bumunot ng mga tanong ukol sa nakaraang paksa at isa-isang sasagutin ito ng mga mag-aaral by *row*.

2. **Talasalitaan**

Talakayin ang salitang **pag-aaklas**. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang pang-unawa nila sa salitang ito. Iproseso

ang magiging sagot ng mga mag-aaral at ibigay ang pangunahing kahulugan ng salitang ito.

3. **Panlinang na Gawain**

   a. Magbigay ng panimulang pagtalakay sa mga naging dahilan ng pag-aaklas ng mga Pilipino.

   b. Hatiin ang klase sa walong pangkat kung saan ipakikita nila ang mga sumusunod na pag-aaklas ng mga Pilipino.

      i. 1574
      ii. 1587
      iii. 1596
      iv. 1621
      v. 1622
      vi. 1649
      vii. 1660
      viii. 1663

4. **Pangwakas na Gawain**

   Magpakita ng *video* na nagbubuod sa mga pag-aaklas na nabanggit at ipaliwanag sa mga mag-aaral ang anumang hindi matatalakay sa kanilang ipinakitang presentasyon.

5. **Takdang-aralin**

Ipasagot ang "Gumawa Tayo!" sa pp. 301–302. Iproseso ito sa klase sa susunod na pagkikita.

C. **Ikatlong Araw**

1. **Pagganyak**

a. Magpanood ng *video* sa mga mag-aaral na tumatalakay sa kabayanihan ni Francisco Dagohoy. Tanungin ang mga mag-aaral sa mga natutuhan nila sa *video* at ipatala sa pisara ang kaibahan ni Dagohoy sa iba pang naging lider ng pag-aaklas.
b. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang takda ukol sa lider na pinakahinangaan nila dahil sa ginawa nitong pakikipaglaban sa mga Espanyol.

2. **Talasalitaan**

Ipabahagi sa mga mag-aaral ang ginawa nilang takda sa "Gumawa Tayo!" sa 301–302. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang likha.

3. **Panlinang na Gawain**

Hatiin ang klase sa pitong pangkat. Sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraan ng pagbabalita ay ipatalakay sa kanila ang iba't ibang pag-aaklas na naganap mula 1762 hanggang 1872.

i. Unang Pangkat – 1762
ii. Ikalawang Pangkat – 1745
iii. Ikatlong Pangkat – 1745
iv. Ikaapat na Pangkat – 1807
v. Ikalimang Pangkat – 1841
vi. Ikaanim na Pangkat – 1872
vii. Ikapitong Pangkat – Moro

4. **Pangwakas na Gawain**


Magpagawa sa mga mag-aaral ng isang *Facebook profile* upang ilarawan ang pinakahinangaan nilang lider ng mga pag-aaklas ng mga Pilipino.

5. **Pagtataya**


Pasagutan sa mga mag-aaral ang "Pagtataya" sa pp. 296–300.

## Mga Sagot sa Pagsasanay

**Maglaro Tayo!** (p. 276)




**Alam mo ba?** (p. 280)




## Pagtataya

A. (pp. 296–297)

1. f
2. a
3. j
4. h
5. c
6. b
7. g
8. e
9. d
10. i

## Aralin 3 – Reaksiyon at Epekto ng Koloniyalismo sa mga Pilipino

I. **Layunin**

1. Naiisa-isa at natatalakay ang iba't ibang mga ambag ng magigiting na kababaihan ng himagsikan noong panahon ng pag-aaklas laban sa mga Espanyol;
2. Nakagagawa ng pagsasadula upang mailarawan ang iba't ibang mukha ng pag-aaklas ng mga Pilipino laban sa mga Espanyol; at
3. Nauunawaan ang kahalagahan ng pagkakaisa bilang mga Pilipino.

II. **Nilalaman**

A. **Paglalahat**

Ang mga Pilipino ay dumanas ng maraming hirap sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol. Ilang pag-aaklas ang ginawa ng mga Pilipino upang makalaya sa mga dayuhan ngunit maraming naging dahilan ng kanilang pagkabigo. Mayroong natalo dahil sa lakas ng puwersa ng mga dayuhan, mayroon dahil sa pagtataksil ng ilang bahagi ng hukbo, may ilan na dahil sa kahinaan ng pangkat sa kabuuan, at higit sa lahat dahil sa kawalan ng pagkakaisa at pagkakawatak-watak ng mga Pilipino. Hindi naging madali ang mga unang labanan at pag-aaklas at hindi naging maganda ang naging resulta at bunga nito, pero ito ang naging

daan upang magising ang kamulatan ng ilan pang Pilipino na sa panahong iyon ay gagamit ng kanilang lakas ng isip at katawan upang matamo ang minimithing kalayaan laban sa mga dayuhan.

B. **Paksang-aralin**

Reaksiyon at Epekto ng Kolonyalismo sa mga Pilipino

C. **Sanggunian**

SIGLO 5 (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan), pp. 303–320

III. **Mga Gawain**

A. **Unang Araw**

1. **Pagganyak**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Maglaro Tayo!" at "Mag-isip Tayo!" sa pp. 303–304. Bigyan sila ng sapat na panahon upang masagutan ito. Pagkatapos ay isagawa ang pagwawasto.

2. **Talasalitaan**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang "Alam mo ba?" sa p. 306 kung saan makikilala ng mga mag-aaral ang ilang mahahalagang mga konsepto na matatalakay sa aralin.

3. **Panlinang na Gawain**

a. Talakayin kung paano ipinakita ng mga katutubo ang pagpreserba sa kanilang kultura sa pamamagitan ng pag-aaklas laban sa mga Espanyol.
b. Hatiin ang klase sa limang pangkat. Ipatalakay sa kanila ang mahahalagang kababaihan na nagpakita ng kagitingan laban sa mga Espanyol. Maaaring gawing batayan ang sumusunod na uri ng presentasyon.

i. Unang Pangkat – Tunay na Buhay
ii. Ikalawang Pangkat – Telenovela
iii. Ikatlong Pangkat –*Talk show*
iv. Ikaapat na Pangkat – *Travel show*
v. Ikalimang Pangkat – Ang Pinaka

4. **Pangwakas na Gawain**

Magpapanood ng *video* na tumatalakay sa magigiting na kababaihan ng himagsikang Pilipino. Ipatala sa mga mag-aaral ang mahahalagang konseptong nakuha sa *video*. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga sagot.

B. **Ikalawang Araw**

1. **Pagganyak**

Ipapanood sa mga mag-aaral ang ilang bahagi ng pelikulang "Heneral Luna."

Ipakita ang bahagi kung saan nagsasalita si Luna tungkol sa mga Pilipino at ang malagim na pagkamatay nito. Pagkatapos ay iproseso ang mga napanood ng mga mag-aaral at hingin ang opinyon nila sa kung anong papel ang nagawa ng kapwa Pilipino ni Luna na naging dahilan ng kanyang kamatayan.

2. **Talasalitaan**

Ipakilala ang salitang **rebelyon** at **rebolusyon**. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang pagkakaiba ng dalawang salita sa pamamagitan ng paghingi sa mga mag-aaral ng kahulugan ng mga ito. Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kaibahan ng dalawa.

3. **Panlinang na Gawain**

a. Hatiin ang klase sa anim na pangkat. Magpagawa ng pagsasadula kung saan ilalarawan nila ang iba't ibang mukha ng pag-aaklas sa panahon ng paglaban ng mga Pilipino sa mga Espanyol.
   i. Una at Ikalawang Pangkat – Mukha ng Pagkakaisa
   ii. Ikatlo at Ikaapat na Pangkat – Mukha ng Pagtataksil
   iii. Ikalima at Ikaanim na Pangkat – Mukha ng Pagkakawatak-watak

b. Iproseso ang ginawang presentasyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay buod sa iba't ibang mukha ng pag-aaklas.

3. **Pangwakas na Gawain**

Magsagawa ng maikling pagsusulit ukol sa paksang tinalakay ng una at ikalawang araw.

4. **Takdang-aralin**

Pasagutan ang "Gumawa Tayo!" sa p. 320 at maghanda sa pagbabahagi nito sa susunod na pagtalakay.

C. **Ikatlong Araw**

1. **Pagganyak**

Iproseso ang ginawang takda ng mga mag-aaral. Tumawag ng ilan na magbabahagi ng kanilang ginawa.

2. **Talasalitaan**

Tanungin ang mga mag-aaral kung paano nila ilalarawan ang salitang **pagkabigo**. Tanungin sila kung may naranasan na ba silang pagkabigo sa kanilang buhay.

3. **Panlinang na Gawain**

   a. Talakayin ang kahulugan ng **pagkabigo** at bigyan ito ng panimulang pagtalakay sa mga naranasan ng mga Pilipino noong panahon ng mga Espanyol bago pa man ang panahon ng pag-aaklas.
   b. Hatiin ang klase sa anim na pangkat. Magpagawa ng poster sa bawat pangkat upang mailarawan ang iba't ibang dahilan ng pagkabigo at magpasulat ng isang tula ukol dito na babasahin ng sabay-sabay ng mga kasapi ng bawat pangkat sa kanilang presentasyon.

      i. Una at Ikalawang Pangkat – Kakulangan sa Amunisyon at Sandata
      ii. Ikatlo at Ikaapat na Pangkat – Kakulangan sa Taktikang Pangmilitar
      iii. Ikalima at Ikaanim na Pangkat – Kaganapan sa Ibang panig ng Daigdig

4. **Pangwakas na Gawain**

   Magpagawa ng panata sa mga mag-aaral tungkol sa kung ano ang dapat nilang gawin upang maipakita nila ang pagmamahal sa bayan. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga sagot.

5. **Pagtataya**


Ipasagot ang pagsasanay sa "Pagtataya" sa pp. 318–319 at "Markahang Pagsasanay" sa pp. 324–330.

## Mga Sagot sa Pagsasanay

**Maglaro Tayo!** (p. 303)

Naging mahirap ang pagtamo ng kalayaan sa mga dayuhan dahil sa pagkakawatak-watak ng mga Pilipino.

**Alam mo ba?** (p. 306)




**Pagtataya**

A. (pp. 318–319)

1. Tausug – Gaddang
2. Tama
3. Gabriela Silang – Trinidad Tecson
4. Tama
5. Agueda Kahabagan – Teresa Magbanua

6. Trinidad Tecson – Gregoria Montoya
7. Greogoria Montoya – Gregoria de Jesus
8. Tama
9. Sumuroy – Juan dela Cruz Palaris
10. Tama

**Markahang Pagsasanay**

A. (pp. 324–326)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | a | 11. | d |
| 2. | d | 12. | b |
| 3. | g | 13. | c |
| 4. | b | 14. | b |
| 5. | d | 15. | c |
| 6. | a | 16. | b |
| 7. | c | 17. | c |
| 8. | d | 18. | b |
| 9. | c | 19. | d |
| 10. | c | 20. | d |